

PIMPLE

ni Pol Medina, Jr.



BAITANG 7 IKATLONG MARKAHAN

BRACES

ni Pol Medina, Jr.



BAITANG 7 IKATLONG MARKAHAN

THE GWAPIGS

ni Pol Medina, Jr.



**SIPI MULA SA LIBRONG  
TUTUBI, TUTUBI, 'WAG KANG  
MAGPAPAHULI SA MAMANG SALBAHE**

(pahina 140-143)

Sa halip ang sinabi niya, “No, Jojo, you don’t understand. Bata ka pa kasi. Balang araw, kapag naging magulang ka na, maiintindihan mo rin ang sinasabi ko.” Ayaw ko ng logic niya, pirming siya ang matanda. Pirming siya ang tama. Pirming ako ang bata, kaya pirming ako ang mali, at pirming ako lang ang dapat matuto. Pero nakapagtata kang kami na kulang sa isip ang pirming hinahanapang maging tama. Bakit kaming kulang sa isip ang kailangang umunawa sa husto raw ang pag-iisip?

Sa pag-iisa, sa aming uri ng insecurity, bakit walang makaalalang magtanong kung ano ang iniisip namin? Kung sa paghahanap ng solusyon sa problema ay mali ang makuhang paraan, nagagalit sila. Paano naman ang gagawin namin sa mundo? Tumigil na lang basta sa paghinga? A, kay hirap mabuhay sa mundo na panay bawal, wala namang magturo ng tama. Kung sa pagtanda ko’y magiging kamukha ko rin sila, hindi bale na lang. Ayaw kong tumanda. Bawal maging pilyo. Mas lalong bawal maging seryoso. (Mag-i-idiot na lang ako.)

Kamukha ngayon, daig ko pa ang napagkaisahan. Nagtatanong lang naman, pero nakakagalitan. Umiiwas sa kaguluhang hindi naman ako ang may kagagawan. Para na rin akong daga na tulirong nangangapa sa lungga. Ano ang gagawin ko sa aking sarili? Para rin akong may sakit na nakakahawa na hindi basta puwedeng lumapit sa kapwa.

Saan ba ako pwedeng magpasiya? ‘Yong kaluluwa ko, kargo ng pari. ‘Yong marka ko sa eskuwelahan, nakasalalay sa dulo ng pulang ballpen ng titser ko. ‘Yong gusto kong kurso, nakatali sa dulo ng bulsa ng tatay ko. ‘Yong kalayaan ko, kahit bahagya ko pa lang nagagamit ay pinutol na nila. Sila na rin ang nagbibigay ng bagong kahulugan noon, kahit hindi kami kinonsulta. Ano nga ba ang pakialam nila sa kapalaran ng mga hamak na estudyante. Kapisasong pangalang wala namang katuturan ang naiwan sa amin. Ni hindi magamit dahil hindi naman galing sa malaking tatak. Pamilyang walang sinabi, batang walang silbi. Ay naku. Gusto ko lang magtanong, gusto ko lang matuto, kasalanan na pala iyon at ang ayaw maniwala sa kanila’y nakakaligtaan. Hindi galit ng ama sa anak o ng Diyos sa tao; galit ng maligno, kahit saan ka magtago, hindi ka makakatakas. Bugbog –sarado pag nahuli. Torture kapag ayaw umamin, firing squad kapag nakunan ng ebidensiya. Salvage kapag nakagalitgan, salvage rin kapag nakatuwaan. Kung magreklamo pati kaluluwa mo, pati ito buburahan ng anino. Saan na ako pupunta, ano na’ng gagawin ko sa sarili ko?

Magbabad na lang kaya ako sa disco? Sayaw na lang kaya ang problemahin ko? Pero Iglesia ni Kristo naman ang mga paa ko, hindi marunong kahit na pandanggo. Tumambay na lang kaya ako sa mga kanto tulad ng ginagawa ng mga propesyonal na

taong kanto? Ano naman ang gagawin ko roon, mag-abang sa pamumulaklak ng poste? Ay naku ulit, pinipilit ko lang maging matino sa sarili kong paraan, wala pang kaubrahan. Hindi naman siguro ako ginawa ng sino mang gumawa para sa lang maging basta yagit. Wala rin akong balak maging kontrabida sa buhay. Marami lang talagang tanong ang isip ko na naghahanap ng kahit na kapisasong sagot. At sa lipunan, bago man o luma, maraming pikon.

Silang punot’t dulo ng problema ko ngayon, silang namamahala, kung totoong parang tatay at nanay sila, tulad nina Malakas at Maganda, bakit ibang klase silang magpatupad ng disiplina? Bakit hindi magkasya sa pangaral? Bakit hindi nila maintindihan na ang ginagawa lang naman naming mga kabataan ay bilang pagsasanay sa paghahanda sa aming kinabukasan? Kung dadaanin kami sa bugbog, di lalaki kaming mga tuliro. Kung kami na ang mga pinuno, paano magpasiya ang isang hilo? Akala mo’y hindi sila marunong mamatay. Kung sila nang sila, at kung wala na sila, paano naman kami? Kung mamana namin ang ugali nila, di kawawa ang susunod na henerasyon, kami na matanda na ang siya namang mambubugbog sa kanila. Bakit ayaw nilang matuto kaming makialam, makisangkot? Habang buhay bang tagapalapak na lang kami sa mga talumpati nilang hindi naman sila ang gumawa? Dapat bang maging utak-sakristan lang kami na amen lang ang bokadurang lumalabas sa bibig kapag kinausap? Saka kung itinuturing kaming parang anak, bakit kami sinisiraan? Tatatawaging misguided elements, adventurers, communists, terrorists. Basta masama, kami. Basta tama, sila? Kung ganoon silang klaseng magulang, hindi na lang baleng maging ulila, ayaw kong sumali sa kanilang pamilya. Hindi baleng mabobo, tulad ng tingin nila sa aming mga aktibista, huwag lang maging baliw na tulad nila.

Bakit ba ganito, kapag makikinig ka sa usapan ng matatanda parang parating panahon lang nila ang mahalaga. Mahusay na estudyante, baka noong panahon ni Quezon. Mahusay na sundalo, baka noong panahon ng Hapon. Walang naaalala kung hindi “noong araw” (Parang sila ang una at huling Pilipino.) Saka idagdag din kung gaano kaganda ang kanilang panahon na hindi katulad ngayon, panay kahulugan. Parang kami ang umimbento ng salitang kahirapan at problema. At kami na bunga nito, na dapat unawain ang siyang nakagagalitan kapag napag-uusapan ang kamalasan. Sagana noong araw, pero bakit tayo utang ng utang sa mga dayuhan? Saka bakit kami ang tagabayad nito balang araw? Pakikinig ba sa matatanda sa Ilog Pasig ang solusyon sa mga problema? Baka kaya sila ay isang malaking problema? Parati silang tama, ang mga Mam at Sir at mga Gardonet, sila lamang ang tanging nakakaalam sa pagpapatakbo ng mga bagay-bagay sa mundo. Sila lamang ang may monopoly ng talino. Saka nila pilit palalakin ang papel nila sa lipunan. Ipagpipilitan ang kanila, bakit hindi sila ang pakinggan at pamarisan? Sabagay, lahat naman yata ng matanda ay ganoon, ang kilala

lamang ay ang sarili. Kahit saan mapunta ang usapan, ang halimbawa nila ay 'yong tungkol sa sarili. Kahit saan mapunta ang usapan, ang halimbawa nila ay 'yong tungkol sa sarili. Kung doktor ang kausap, sasabihin nitong iyon ang pinakamahusay na kurso ngayon. Ganoon din ang sasabihin kung mga titser o inhinyero ang tatanungin. Pero paano kaya makikinig kung ang kausap ay isang pulitiko o armado? E, kung armadong pulitiko? Di pangako ng baril, argumento ng bala, halakhak ng kanyon, ano pa? Lahat yata ng matanda, sarili lamang ang nakikitang mainam. 'Yon lang kasing karansan nila ang kabisadong ikuwento. Pag iba na ang usapan, tulad ng halimbawa ng buntong-hininga ng mga katulad ko sa mundo, hindi na sila interesado. Parang kami ang nag-uso ng salitang rebolusyon. Pag narinig ito, tumataas ang lahat ng buhok nila, pati sa kilikili, kaya bumabaho tuloy ang usapan. Saka magtatatalak, kami ang makakagalitan. Luma na 'yon, tanungin mo si Bonifacio. Kung ayaw mong maniwala, e bakit nakikiselebrasyon ka sa araw ng mga bayani? Saka ba't mo siya tinitingnan sa mga pera?

Ayaw ko nang makinig sa mga usapang "noong araw" na hindi ko makita ang kabuluhan sa kasalukuyan. Ayaw kong maging uyaning paulit-ulit ang sinasabi. Ayaw kong maging (mas) makulit. Ayaw kong maging inutil. Kay hirap ng maraming tanong sa buhay. Kay hirap ipanganak na "erehe" at "pilibustero" sa mundo. Kay hirap mapagsabihang bandido at terorista. Kay hirap maghanap ng kahulugan ng pangalan. Wala akong balak malagay sa pera ang retrato ko. Gusto ko lang may sumagot at makinig sa tanong ko.

**TAGLISH: HANGGANG SAAN?**

Bienvenido Lumbera

May nagtanong kung ang paggamit ng Taglish sa kolum na ito ay recognition on my part na tinanggap kong maaaring gawing basis ng wikang "Filipino" and Taglish. Ngayon pa man ay nililinaw ko nang hindi lengguwahe and Taglish. Ito ay isa lamang convenient vehicle para maabot sa kasalukuyan ang isang articulate sector ng ating lipunan na unti-unting nagsisikap gumamit ng Filipino.

Importanteng makita nang sinumang gumagamit ng Taglish na limited and gamit nito. Dahil sa binubuo ito ng mga salitang galing sa dalawang wikang not of the same family, makitid ang range of expressiveness nito. Ang sensibiliteng ni-reflect nito ay pag-aari ng isang maliit na segment ng ating lupinan, at ang karanasang karaniwang nilalaman nito ay may pagka-superficial.

Isang makatang malimit banggitin kapag pinag-uusapan ang paggamit sa Taglish ay si Rolando S. Tinio. Sa kaniyang koleksyon ng tulang tinawag na *Sitsit sa Kuliglig*, may ilang mga tula na pinaghalong English na sulatin. Effective lamang ang Taglish, gaya ng pinatutunayan na rin ng mga tula ni Tinio, kapag Americanized intellectual ang speaker, at ang tone ng tula ay medyo tongue-in-check or sarcastic. At kahit na sa ranks ng Americanized Filipino intellectual, and profounder aspects of cultural alienation ay hindi kayang lamanin nang buong-buo ng Taglish.

Better described marahil and Taglish as a "manner of expression." Ibig sabihin, sa mga informal occasions, mas natural sa isang English-speaking Filipino na sa Taglish magsalita. Sa light conversation, halimbawa. Pero para sa mga okasyong nangangailangan ng sustained thought, Taglish simply won't do. Walang predictive patterns ang paghahalo ng vocabulary at syntax ng dalawang lengguwaheng magkaiba ng pamilya. Dahil dito, maraming stylistic and logical gaps na nag-iinterfere sa pag-uunawaan ng manunulat at mambabasa.

Kailangan sa Taglish ang spontaneous interaction ng nagsasalita at ng nakikinig. Sa pamamagitan ng physical gestures, facial expressions, o tonal inflection, nagagawa ang filling-in na siyang remedyo sa mga stylistic at logical gaps. Maaari namang sa pagtatanong linawin ng nakikinig ang anumang ambiguity sa sinasabi ng kausap.

Samakatuwid, ang pagsusulat sa Taglish, cannot be a permanent arrangement. Kung talagang nais ng manunulat na magcommunicate sa nakararaming mambabasa, haharapin niya ang pagpapahusay sa kaniyang command ng Filipino. Para sa manunulat, isang transitional "language" lamang ang Taglish. Kung tunay na nirerecognize niya na napakaliit at lalo pang lumiit ang audience for English writing, hindi siya makapananatiling Taglish lamang ang kaniyang ginagamit. Maliit pa rin ang audience na nakauunawa sa Taglish pagkat nagdedemand ito ng adequate control of English. Magbalik sa English. O tuluyang lumapit sa Filipino. Ito ang alternatives para sa Taglish users ngayon na hangad pa ring magpatuloy sa pagsusulat.

## ANG KAPANGYARIHAN NG WIKA, ANG WIKA NG KAPANGYARIHAN

ni Conrado de Quiros

Hanggang ngayon, hindi ko maintindihan kung bakit kinakausap natin ang ating mga aso sa wikang Ingles. Wala kang naririnig na nagsasabing, “Upo, Bantay, upo,” o “Habol, Kidlat, habol.” Ang maririnig mo ay “Sit, Rover, sit,” o “Fetch, Fido, fetch.” O kung poodle, Fifi. Kung sa bagay tayo mang mga taong Filipino ay may mga pangalang Rover, Fido, at Fifi, kaya hindi nakapagtataakang pangalanan din natin ang ating mga aso ng ganoon.

Ang nakapagtataka ay kung bakit kinakausap natin sila sa Ingles. Ibig sabihin, kakaiba ba ang korte ng kanilang mga utak at natural silang sumusunod sa mga utos sa Ingles? Ang tinig ba ng Ingles ay hawig sa mga tunog na ginagawang silent dog whistle?

Ipaubaya ko sa mga dalubhasa sa sikolohiya ng hayop ang pagpapaliwanag nito. Pero may punto rito. At ang punto ay ito: marami at sari-sari ang gamit ng wika; hindi lamang bilang isang paraan ng komunikasyon ng dalawang tao. Sa tingin ko, lubos na simplistiko ang paniniwalang ang wika ay isa lamang kasangkapan sa komunikasyon. Sa tingin ko, lubos na simplistiko ang paniniwalang ang tanging papel na ginagampanan ng wika sa lipunan ay ang pagbibigay-daan sa palitan ng mga idea ng mga tao sa lipunang iyon.

Totoong ang isang wika ay isa ring paraan o kasangkapan sa komunikasyon. At bagama’t isang bahagi lamang ito ng kabuuan ng wika ay malaking bahagi ito. Sa bagay na ito, malaki ang halaga ng Ingles bilang isang paraan ng komunikasyon. May punto ang mga nagsasabi sa atin na hindi natin maaaring kaligtaan ang Ingles. Talaga namang hindi. Ang Ingles ay ang ating susi—o sabi nga ng mga bata, ang ating “connect”—sa mundo. Ito ang ating susi sa pandaigdigang impormasyon. Lalong-lalo na sa panahong ito na masasaksihan natin ang isang “information explosion” na likha ng computers. Malamang ay narinig na ninyo ang Internet, ang pandaigdigang electronic board para sa lahat ng uri ng impormasyon. Sa pamamagitan ng Internet ay maaari nating ma-access pati na ang US Library of Congress at mag-research doon. Maaari din tayong makapanood ng sine o retratong bomba. Walang MTRCB sa Internet.

Pero kailangan pa rin ang Ingles para mapakinabangan ang mga biyayang ito. Bagama’t ang computer programs ay nagiging mas graphic na kaysa word-based—gumagamit ng icons kaysa salita—kailangan pa ring magbasa kahit katiting. At ang iskrip ay sa Ingles. Bukas ang information highway sa anumang uri ng sasakyan, kahit kariton, pero nakasulat sa Ingles ang mga signs sa kalye. Pag hindi tayo marunong mag-Ingles, mawawala tayo sa kalye. At talaga namang pagkalalawak ng mga kalye rito.

Pero huwag nang isipin ang Internet; isipin na lang ang simpleng paglalakbay. Kailangan pa rin ang Ingles—maliban na lang kung sa Filipinas ka lang maglalakbay. At kung tutuusin, hindi bale na rin ang mundo—o ang pisikal na paglalakbay sa mundo na

maaaring magawa ng iilang Filipino lamang. Isipin na lang ang paglalakbay ng isip na magagawa sa pagbabasa, panonood ng sine, pakikinig ng balita. Kailangan pa rin ang Ingles—liban na lang kung ang papanoorin lang ay mga sine ni Silvester Stallone.

Walang duda na kailangan natin ng Ingles. Walang duda na mahalaga ang Ingles. Subalit, dito man ay marami nang mga maling akala tungkol sa kahalagahan ng Ingles. Isa sa mga maling akalang ito ay ang paniniwalang ang Ingles ay ang susi sa kaunlarang pang-ekonomiya. Ito ang paboritong argumento ng mga nagtataguyod ng Philippines 2000.

Pinabubulaanan ito ng Thailand. Mahirap kumilos sa Bangkok hindi lamang dahil sa ang sulat dito ay sulat-bulate, ayon nga sa isang kaibigan, kundi dahil iilan lamang ang marunong mag-Ingles. Iba pa kung paano nila bigkasin ang Ingles, na talaga namang papawisan ka ng dugo bago mo maintindihan. Kahit na hotel clerks ay hindi makapag-Ingles ng direktso. Ang pinakamadaling paraan para makapagtalastasan sa taxi driver at tindero ay sign language.

Pero gayumpaman, ang Thailand ay isang tigre, samantalang tayo, na ipinangalandakan ang ating Ingles, ay isang basang-sisiw lamang. Ayon kay Peter Limqueco, isang kaibigan na nag-eedit ng isang diyaryo sa Bangkok, pumapangalawa lamang ang Thailand sa Japan sa computer technology sa Southeast at South Asia. Makikita ang ebidensiya ng kaunlaran sa Bangkok—sa mga gusali, sa mga skyway, sa mga pagawaan. Ang kaunlaran dito, ayon kay Peter, ay hindi sinusukat sa taon kundi sa buwan. Mawala ka lang ng ilang buwan at nagbago na ang hitsura ng lugar.

Bale ba, bagama’t hindi marunong mag-Ingles ang mga Thai ay higit na malaki ang kanilang turismo kaysa atin. Ihambing mo ang turismo nila at turismo natin at parang pinaghahambing mo ang daga at elepante. Ang bilang ng mga turistang pumapasok sa atin sa isang taon ay ang bilang ng turistang pumapasok sa Thailand sa isang buwan. Malinaw na ang mga tao ay bumibisita sa ibang bansa hindi dahil sa kaalaman ng mga mamamayan doon ng Ingles.

Subalit hindi pa ito ang problema sa Ingles. Sapagkat gaya ng nasabi ko kanina, hindi lamang isang paraan ng komunikasyon ang wika. Lalong-lalo na ang Ingles. Lalong-lalo na sa bansang ito. Ang Ingles ay hindi lamang isang paraan para makapag-usap; ito ay isa ring paraan para makapaghari. Hindi lamang ito isang susi sa impormasyon; isang susi ito sa kapangyarihan. Ang Ingles ay kapangyarihan sa isang paraan na higit pa sa karaniwang kahulugan na kapag matatas kang magsalita ay may kapangyarihan ka sa kaligiran mo. Kapangyarihan ang Ingles sa isang payak o literal na paraan. Marunong kang mag-Ingles, makararating ka sa itaas. Hindi ka marunong mag-Ingles, mauwi ka sa pagiging kargador.

Sa bansang ito, hindi lamang salita ang Ingles kundi orasyon, na pinanghahawakan ng isang kaparian. Ano man ang sabihin mo, matino man o hindi, kapag sinabi mo sa Ingles ay nagkakaroon ng bigat, o halaga. Ang “marunong mag-Ingles” ay hindi lamang palatandaan ng kagalingan sa lengguwahe. Palatandaan ito ng kaalaman, ng pagkakaroon ng “class,” ng pagkakaiba sa karaniwang mamamayan. Kapag sinabi mo ang isang bagay sa Ingles ay tila pinag-isipan mo ito ng malalim.

Siguro ito ang dahilan kung bakit kinakausap natin ang ating mga aso sa Ingles. Siguro, akala natin, kapag nag-Ingles ka, aso man ay seseryosohin ka.

Sa mula’t mula pa ay nasapol na ng mga Kastila ang katotohanang ang wika ay kapangyarihan, at sinikap nilang pakinabangan ang kapangyarihang ito sa pamamagitan ng pagkakait sa mga Indio ng salitang Espanyol. Kung sa bagay, sa umpisa ay hindi ito tuluyang sinadya. Nakita ng mga misyonerong kagaya ni Pedro Chirino na mas madaling pag-aralan ang mga salitang indio kaysa turuan sila ng Espanyol. Mas madaling turuan ang mga Indio ng Kristiyanismo sa pamamagitan ng kanilang mga wika kaysa Espanyol. Makikita rin ang mga bagay na ito nina Mike Velarde at iba pang mga matagumpay na “misionero” sa kasalukuyan. Sa bandang huli na lamang sadyang ipinagbawal ng mga Kastila ang wikang Espanyol sa mga eskuwelahan at iba pang institusyon ng mga Indio. Ito ay para ipuwera sila sa alta sosyedad at tuloy sa pagpapalakad ng bayan.

Iba ang naging karanasan ng mga bansa sa America Latina. Kaiba sa Filipinas, ang mga bansang ito ay naging settler colonies, o mga kolonyang tinirahan ng mga taong galing sa kanluran. Para matirhan ang madaming lugar dito ay pinagpapatay ng mga settler o kolonyalista ang katutubong populasyong Indio. Isang malinaw na kaso ng genocide. Umusbong ang isang populasyong creole, na galing sa mga dayong Espanyol at nagsasalita ng Espanyol.

Naunawaan ng mga Espanyol na ang wika ay kapangyarihan pero nagkamali sila sa pagsasamantala nito. Ang mga Amerikano ang makakikita ng wastong pagsasamantala nito. Ito ay hindi ang pagkakait ng wikang kolonyal sa mga Indio kundi ang pagpapalaganap sa kanila nito. Ang pagkakait ng mga Espanyol ng wikang Espanyol sa mga Filipino ay hindi nakapagpabait sa mga Indio. Naging rebelde sila. Ang pagtuturo ng Ingles sa mga Filipino ay hindi nakapagrebelde sa kanila. Naging masunurin sila.

Ito ang totoong problema sa Ingles, ang dahilan kung bakit hindi natin dapat akalaing ito ay isang purong grasya. Malinaw sa ating kasaysayan na ang Ingles ay hindi lamang naging paraan ng komunikasyon kundi paraan ng kolonisasyon. Ang Ingles ay hindi naging paraan para sa pag-uusap ng mga mamamayan. Naging paraan para ito ay sa

paghahati ng mga mamamayan. Ang tanging diyologo na ginawa nito ay ang diyologo sa pamamagitan ng pamahalaang kolonyal at ng lokal na naghaharing-uri. Kasunod sa kaputian ng balat, ang galing sa paggamit ng Ingles ay naging pasaporte sa sirkulo ng kapangyarihan.

Nalikha ng mga Amerikano sa pamamagitan ng Ingles ang isang naghaharing-uri na sumasawsaw sa kanilang kultura. Ang wika ay hindi lamang koleksiyon ng mga salita at mga paraan sa paggamit nito. Ang wika ay isang buhay na bagay. Tumutubo ang wika mula sa puso ng isang bayan. Sumususong ang wika sa pambansang kasaysayan at karanasan. Ang pag-aral ng Ingles ay hindi lamang pagkabisa ng mga salita at paggamit nito. Ang pag-aral ng Ingles ay pagbabad sa kultura na lumikha nito.

Alam ko. Bilang isang manunulat sa Ingles, alam ko na para ka magkaroon ng kumpiyansa sa salitang iyon ay kailangan angkinin mo ang kaluluwa noon. Hindi lamang grammar at syntax ang wika. Ang wika ay kultura at sensibilidad.

Kung tutuusin, ang wika ay hindi laging nagdudulot ng komunikasyon. Kung minsang, nagdudulot ito ng kawalan ng komunikasyon. Malinaw na malaki ang ambag ng Ingles sa pangalawa. Higit tayong pinaghiwalay kaysa pinag-isa nito. Makikita ang puwang sa lipunan sa ating mga sine, ang pinakapopular na uri ng entertainment dito sa atin. Kapag mayaman ang pamilya ay tiyak na Ingles ang dialogue. Kapag katulong ang karakter ay mag-tatagalog, lalong-lalo na ang tipong may puntong Batangas o Bulacan. Para maging class ang dating, ang mga artista mismo ay sumasagot sa Ingles sa mga interview. Bagama’t sikat siya sa labas, si Melanie ay laging magiging api rito dahil hindi siya marunong mag-Ingles.

Ano ang dapat gawin? Paano natin pagtutugmain ang pangangailangan natin sa Ingles sa isang banda at ang pangangailangan natin ng isang wikang magbubuklod sa atin sa kabila?

Ang sagot ay ang pagpapalakas ng wikang pambansa. Ang wikang iyan ay hindi maaaring maging Ingles. Iyan ay isang kaso ng, sabi nga sa Ingles, the “tail wagging the dog.” Hindi maaaring ipagpag ng buntot ang aso. Ang pambansang wika ay maaari lamang maging Filipino.

Ang maling akala, o fallacy, ay ang paniniwalang kapag gustong mong palakasin ang Filipino ay gusto mong pahinain ang Ingles. Hindi totoo iyan. Gusto nating palakasin ang Filipino, pero gusto rin nating palakasin ang Ingles—bilang pangalawang lengguwahe, o second language. Ang mahalaga ay ang katagang “pangalawa” or “second.” Hindi maaaring maging una ang Ingles.

Makikita natin sa halimbawa ng Thailand at iba pang mga bansag Asyano na hindi lamang ito posible kundi kailangan, Ayon sa mga nagtataguyod ng Philippines 2000, ang mga bansang ito sa kasalukuyan ay puspulang nagpapalaganap ng Ingles: bakit tayo pupunta sa kabilang direksiyon? Simple. Dahil sa kung ang mga bansang ito ay kasalukuyang nagpapalaganap ng Ingles, ito ay dahil sa mayroon na silang sarili nilang wika—Thai, Bahasa, Intsik, Hapon, Koreano. Bagama't puspulan nilang itinutulak ang pag-aaral ng Ingles, wala sa mga bansang ito ang magpupumilit na palitan ang sariling wika ng Ingles.

Kung bumisita ka sa ibang bansang Asyano, o Arab, ang unang maisip mo ay kung gaano tayo kaiba sa kanila. Hindi tayo ang rule, tayo ang exception. Ang mga higanteng diyaryo sa mga bansang ito ay nasa wikang pambansa. Iilan lamang ang nasa Ingles, at ito ay nakatutok sa mga banyaga. Hindi aksidente na mas marami ang mambabasa ng mga diyaryong Thai, Arab, Bahasa. Natural na gustong basahin ng mga tao ang naiintindihan nila.

Maaaring ang mga bansang ito ay puspulang nagtuturo ng Ingles, pero matapos lamang silang magkaroon ng isang matatag at malusog na wikang pambansa, isang wikang pinagmulan ng national discourse, o usapang pambansa, isang wikang pinagmumulan ng kanilang puri at karangalan. Ganito nila nagagamit ang Ingles habang naiiwasan ang alienating effects nito.

May kaibhan sa paghango at pagpapalit, may kaibhan sa paghiram at sa pagkopya. "God bless the child that's got his own," ayon nga sa isang kanta. Totoo iyan hindi lang para sa mga indibidwal kundi para rin sa mga bansa. Ang ibang bansa ay mayroong pinanghahawakan, tayo ay wala. Sila ay humahango at humihiram, tayo ay nagpapalit at kumokopya. At tingin natin sa sarili natin ay cosmopolitan tayo. Hindi ito pagiging cosmopolitan, ito ay simpleng pagiging uprooted.

Bakit hindi Filipino English bilang wikang pambansa? At ano naman ang gamit sa atin ng Ingles na tayo lamang ang nakakaintindi. At kung tutuusin, ano naman ang naging ambag ng Filipino English—ang mga salitang "aggrupation" at "actuation"? Walang ganyang mga salita sa Ingles. Ang mga salita doon ay "group" at "action."

Ang Filipino ba ay mayamang wika? Kaya ba nito ang seryosong diskusyon? Makikita natin sa mga talk show sa TV—salamat sa pinasimulan ng Public Forum—na ganito na nga. Sayang lamang at hindi pa ito nagyayari sa diyaryo. Ang Filipino ay lengguwahe

lamang ng mga tabloids at hindi broadsheets.

Kung tutuusin, ano ba naman ang likas na mahusay na wika? Bago dumating si Goethe, mahusay lamang ang Aleman para sa barbarians. Bago dumating si Pushkin, ang Russian ay mahusay lamang para sa pag-toast ng vodka. At bago dumating si Shakespeare, ang Ingles ay mahusay lamang sa isang sakop. Ang husay ng lengguwahe ay nasa mga taong gumagamit nito.

Ang paborito ko pa ring kuwento rito ay ang isang direktor ng teatro na minsan ay tinanong ng isang estudyanteng pa-wers-wers: "Talaga bang epektibo ang Filipino sa teatro?" Sumagot ang direktor, "Putang ina mo." Namutla ang estudyante at dali-daling umalis.

"Tingnan n'yo," sabi ng direktor sa kaniyang crew, "epektibo ang Filipino sa teatro."

**PANDESAL**

“Tinapay na may asin” ang literal na ibig sabihin ng Espanyol na *pan de sal*. Ang sangkurot na asin (*sal* sa Espanyol) marahil ang ikinatangi nito upang maging paboritong panghalili sa almusal ng isang bansang higit na nasanay kumain ng kanin.

Maliwanag na isang pamana ng kolonyalismong Espanyol ang *pandesal*. Ni hindi nagtatanim ng trigo ang mga Filipino nang dumating ang mga Espanyol noong ika-16 dantaon. Subalit kailangang ipag-utos ang pagmasa ng galapong na trigo para gawing tinapay dahil ito ang nakamihasnang pagkain ng mga mananakop. Bukod pa, gawa mula sa pinakapinong arina ang ostiyang Kristiyano.

Bukod sa *pandesal*, nahilig ang mga Filipino sa ibang tinapay bilang meryenda at siyempre pa’y naging kakompetensiya ng katutubong kakanin at puto. Naging popular ang ibang tinapay kaugnay ng mga pistang panrelihiyon. Halimbawa, ipinasok ng mga Espanyol ang pagkain ng tinapay tuwing Setyembre 10 sa mga parokyang patron si San Nicolas Tolentino, isang ermitanyong Italyano at kasapi ng ordeng Agustino. Karaniwang inilalarawan siyang nakadamit ng itim at may hawak na liryo. Kung minsan, may hawak siyang bulsikot o piraso ng tinapay na sumasagisag sa kaniyang patuloy na pagtulong sa mga maralita hanggang mamatay siya noong 1306.

Sa Filipinas, itinuturing na patron ng mga panadero si San Nicholas. Sa kaniyang pista binabasbasan ang *pan de san nicolas*, isang uri ng *panecito*, na pinaniniwalaang nakapagpapagaling ng karamdaman.

Mga Tsinong bihasa mula pa noong panahon ng dinastiyang Sung sa paggawa ng pinasingawan at hinurnong tinapay ang unang nangasiwa sa mga hurnong Espanyol sa Intramuros. Hindi kataka-takang mga Tsino ang unang sumikat na may-ari ng panaderya sa Maynila at sa mga poblasyon sa probinsiya.

Isa namang paborito tuwing Pasko ng Pagkabuhay, Todos los Santos, at Pasko ang matamis at mamantekilyang ensaymada. Winisikan lamang ng puting asukal ang tradisyonal na ensaymada. Nadagdag ang kinudkod na keso, karaniwang Eden, nitong Peacetime sa Maynila. Bago magkadigma sinasabing ipinasok ang pagpapalamuti ng itlog na pula at kesong puti sa ensaymada ng Malolos, Bulacan.

Samantala, bukod sa tradisyonal na galyetas at biskuwit, napuno ang estante ng panaderya sa iba’t ibang tinapay na may sari-saring palaman at pampalasa. Maituturing na Filipino ang mga tinapay na may lahok na niyog at saging. Hindi rin nanatili sa almusal kasama ng kape ang *pandesal*. Ibinabaon itong sandwits, gaya ng naging turing sa mahigpit nitong kalaban—ang **pan amerikano**, isang mahaba, malambot, at tinitilad na tinapay, na naging popular nitong panahon ng Amerikano.

Naging pamantayan din ang *pandesal* ng ekonomyang pambansa. Itinuring ang patuloy nitong pagliit bilang patunay na tumataas ang presyo ng inaangkat na arina, at samakatwid, na humihina ang halaga ng piso. Naging pagkakataon naman ito sa naging malakas na benta nitong dekada 70 ng hot *pandesal*—na maliit nga ngunit dahil sa bagong teknolohiya’y napananatiling laging mainit.

**PORK EMPANADA**

ni Tony Perez

Madalas ka ba sa Katipunan?

Siguro’y nakita mo na ang Frankie’s Steaks and Burgers, sa tabi ng bagong Cravings, malapit sa Lily of the Valley Beauty & Grooming Salon. Kung nakita mo na iyon, nakita mo na rin siguro si Bototoy.

Lunes hanggang Sabado, inaakyat ni Bototoy ang liku-likong landas mula Barangka hanggang service gate sa likod ng Ateneo Grade School, kasama ng tatay niyang maintenance engineer sa paaralan at ng mga kalaro niyang sina Nono, Itoc, at Radny. Karamihan sa mga batang umaakyat doo’y humihimpil sa malawak na covered court ng College, sa tabi ng Our School, malapit sa Observatory, kung saan sila nag-aabang ng magba-badminton at tennis na tatawag ng pulot boy. Si Bototoy naman ay hindi humihimpil doon. Lalakarin niya ang malayu-layo pang Gate 2, at doon ay tatawid siya sa Katipunan, upang maupo sa sentadong island sa harap ng Frankie’s Steaks and Burgers.

Natatandaan mo na ba siya?

Anim na taong gulang si Bototoy. Ahit ang kaniyang ulo maliban sa tumpok na buhok sa ibabaw ng kaniyang noo. Mabilog at masigla ang kaniyang mga mata. Mabilog din ang kaniyang pisngi, lagi siyang nakangiti, at mayroon siyang mga ngiping-kuneho. Suot-suot niya’y kamiseta’t shorts at sandals na Happy Feet na laging kupas at maluwang, pagkat pinaglakhan ng kaniyang mga kapatid.

Maliit si Bototoy, kaya’t di siya humihimpil sa covered court. Doon ay lagi siyang nauunahan sa pagpulot ng bola nina Nono at Itoc at Radny at ipa pang batang Barangka higit na maliksi at higit na malaki sa kaniya. Kaya nga’t isang araw ay napadpad siya sa harap ng Frankie’s Steaks and Burgers, at doon ay nagkusa siyang mag-watch-your-car. Kaniya-kaniya ang lugar na iyon, pagkat ang ibang bata’y nasa harap ng Shakey’s at ng Jollibee at ng McDonald’s at ng Kentucky’s, sa iba pang mga bahagi ng Katipunan, kung saan marami at sunud-sunod ang pumaparadang sasakyan. Bagamat mangilan-ngilan nga lamang ang tumitigil sa harap ng Frankie’s ay kuntento na si Bototoy – kahit kung minsan ay hindi siya inaabutan ng kahit singko, at kung minsan ay hindi siya pinapansin, at kung minsan ay binubulyawan pa siya ng may-ari ng sasakyan. Kung mahina ang raket ay magdamag siyang nauupo sa sementadong island sa harap ng Steaks and Burgers, na parihaba niyang trono, maalikabok tuwing tag-init at tuwing tag-ulan ay maputik.

Ngayon – naaala’la mo na ba siya?

Labing-isa ang kapatid ni Bototoy – ang apat na panganay ay nagsipag-asawa’t mayroon nang pamilya. Ang sumunod pang apat ay nagtapos ng hay iskul at kasalukuyang iginagapang ang pag-aaral ng tatay nilang maintenance engineer at ng nanay nilang hilot. Ang sumunod na dalawa’y nasa elemetari pa. Si Bototoy at ang bunsong si Nining ay pinagpasiyahang huwag munang pag-aralin, pagkat libre man ang matrikula’y sakit ng ulo ang pambili ng gamit at kasangkapan sa mga prodyek.

Paboritong kapatid ni Bototoy si Nining. Tuwing papanag sa Barangka kasama ng tatay at mga kalaro, bago umuwi’y nagdaraan siya sa tindahan ni Aling Rory: sa gaano mang kaliit na kinita sa pagwa-watch-your-car ay ibinibili niya ang bunso ng kahit na anong munting pasalubong: isang supot na Oishi o Ding Dong o Tomi, o dalawang balot na Choc-Nut o Kripy Bar o Cloud 9, o tatlong pirasong White Rabbit o Snow Bear o Judge. Saka lamang siya papasok at susuot sa pasikut-sikot na looban, tungo sa kanilang tinitirhan. Sa may poso pa lamang ay tanaw na niya ang malinggit na si Nining, nakaupo sa may pintuan, naghihintay, nakadamit at sadals na Happy Feet na kupas at maluwa din, ang mga mata’y mabilog at masigla rin, ang mga pisngi’y mabilog din. Nakangiti. At tulad niya’y mayroong mga ngiping-kuneho.

Pagkatapos maghapunan ng patis at kangkong, o kung minsa’y bagoong, sina Bototoy at Nining ay tumutulong sa nanay sa pagtitiklop ng sinampay, pagkatapos ay nakikipanood ng telebisyon sa kapitbahayna sina Aling Mela. Bago mag-alas-otso’y pinapapanhik na sila, kaya’t naglalaro’t naghuhuntahan na lamang sa magkabila ng maliit nilang kahon ng mga laruang plastik.

“Bukas, Kuya, ano’ uuwi mo?” laging tanong ni Nining.

“Di ko sasabihin, sorpresa,” lagi namang sagot ni Bototoy.

“Marami’ klase’ kendi?”

“Maraming-marami. ‘Pag marami’ ‘ko’ makuha’ pera, mas marami’ ‘ko’ mabibili.”

“Kuya, sa’n ka ku’kuha’ pera?”

“Sa Katipunan. Don ako nagtatrabaho.”

“Do’n sa trabaho ni Tatay?”

“Hindi, mas malayo pa. Tatawid ka pa. Mi’san, kung gusto mo, ‘sasama kita.”

“Gusto ko, Kuya.”



At tulad ng dati, magbibida si Bototoy tungkol sa kaniyang pagwa-watch-your-car sa harap ng Frankie's. Tungkol sa mga taong nagagawi roon. Tungkol sa kanilang mga kasuotan. Tungkol sa kanilang mga sasakyan. Tungkol sa minsa'y nag-abot sa kaniya ng limang piso.

Si Nining ay mangangarap ng kendi at damit at laruan. At si Bototoy naman ay mangangarap nng pagbabantay ng pagkarami-raming sasakyan, sa harap ng Frankie's Steaks and Burgers, sa Katipunan.

Madalas ka ba roon?

Siguro'y narinig mong tunay na masarap ang pagkain doon. Taga-Mabalacat ang may-ari at ubod ng linamnam ang kaniyang tenderloin at t-bone at spare ribs at Hawaiian at Salisbury at a la pobre at beef teriyaki at tocino at skinless at tapa at arroz a la Cubana, na laging hanap-hanap ng nagsisidayo roon. Maliit at makitid ang puwesto, ngunit malinis at naka-aircon. Nakagigiliw sa paningin ang mga ilaw na pendiyente sa ibabaw ng mga mesa, at laging may masayang tugtugin. Sa tabi ng kaha, may lata-latang turrone de casuy at basket-basket na petit fortunes at gara-garapong yemas at balot-balot na espasol at bote-botelyang garlic peanuts.

Pero iisa ang pambato ng Frankie's Steaks and Burger – di lamang sa mga regular na parokyano kundi sa lahat ng nagsisidaan, pagkat sa tabi ng pintuang salamin ay may aluminyum na bintanang pan-take-home, at sa ilalim ng bintana'y may makulay na paskil na tinitikan ng pentel pen na pula at asul sa isang parisukat na pirasong dilaw na kartolina:

FRANKIE'S ESPECIAL  
PORK EMPANADA  
P 10.50

Nakakain ka nab a ng pork empanadang iyon?

Uma-umaga, tangha-tanghali't hapon-hapon, di iilan ang nagsadya sa Katipunan at tumigil sa harap ng Frankie's at kumatok sa bintana at nag-order ng pork empanadang iyon: isa-isa, dose-dosena, grosa-grosa – pambaon, pangmeryenda, panregalo, panghain sa bisita. Di rin iilan ang nag-order at doon mismo kumain, kung hindi sa tapat ng bintana'y sa harap o gilid ng munting restawran, at kung hindi sa harap o gilid noon ay sa nakatigil nilang sasakyan. Lagi silang pinanonood ni Bototoy, nakatuntong sa sementadong island, tahimik at nag-iisa.

Minsa'y isang binata at isang dalaga ang nagparada ng Galant, at nag-order ng pork empanada at Coke, at doon nagpalamig sa loob ng sasakyan.

"Bos, watsyorkar," magalang na mungkahi ni Bototy, na winalang-bahala lamang ng dalawa, palibsahang may masayang biro silang pinagtatawanan. Muling naupo si Bototoy sa sementadong island. Pagkat bukas ang bintana ng Galant, dinig ni Bototy ang kanilang usapan habang sila'y kumakain, maging sa kaniyang kinauupan:

"I always buy this, it's so 'sarap," sabi ng dalaga.

"Galing the crust," sabi ng binata.

"Yeah, it's so manipis and it's so malutong, 'di ba?"

"When you bite it, it's like manamis-namis."

"This one's really, really, really may Tita's favorite. She'll go out and make lakad just to buy. It has giniling with no taba, and bacon bits, and chips, and raisins, and water chestnuts, and chopped onions and carrots, and grated cheese. So diff'rent from the commercial ones you buy in other places, how harang, it's all potatoes and it's so maalat and it tastes like flour."

Matapos magmirindal ay hinagis nila sa labas ang mga basyong plastik, na matapos inuma'y kinuyumos muna't pinilasan, at ang mga pirasong wax paper na pinagbalutan ng empanda, at ang manipis na sorbelyeta.

Sabi ni Bototoy sa kaniyang sarili, "Pag yumaman ako, kakain ako no'n."

Pinagmasdan niya ang dilaw na paskil, at ang aluminyum na bintana, at ang weytres na naroo't nag-aayos ng bunton-buntong pork empanadang nangagkabalot ng wax paper sa mga plastik na bandeha.

Sinuksuk ni Bototoy ang isa niyang kamay sa kaliwang bulsa ng maluwang niyang shorts: doo'y may dalawang beinte-singkong bagol. Sinuksik ang kabila sa kanang bulsa: isang diyos, tatlong singkol, dalawang mamera. Matagal-tagal pa, at marami pang sasakyang babantayan, bago si makabili ng kahit isang pork empanada. Kung sana'y malaki-laki lamang siya, nang makapag-pulot-boy sa covered court, o kaya'y makapangagaw ng iwa-watch-your-car sa harap ng Shakey's at ng Jollibee at ng McDonald's at ng Kentucky's!

Tatlong piso at kuwarenta sentimos lamang ang kinita niya sa buong maghapon. Nang sunduin niya ang tatay niya sa Maintenance Department ay tahimik siya't malayo ang tingin. Kagyat na naisip ng tatay niya't mga kalaro kung siya'y nadapuan ng sakit, ngunit dahilan niya'y napagod lamang siya sa kawa-watch-your-car sa harap ng Frankie's.

Sa tindahan ni Aling Rory 'y matagal niyang pinagmunimunihan ang ipapasalubong sa bunsong kapatid. Nakuntento siyang bumili ng isa balot na ruweda. May dalawang piso't labimpitong sentimo siyang natitira – imbes ibili ng lastiko o holen o teks o ihulog sa alkansiya ng nanay ay maitatabi niya. Bilang simula ng kaniyang pag-iipon.

Noong gabing iyon, bago ganap na makatulog ay nanagimpan siya ng masarap na buhay na walang takot at walang pagod at walang sakit at walang kakulangan sa pera at walang problema, at sa pinilakang tabing ng kaniyang diwa'y kasama niya si Nining, at sila'y nagbibiruan, at sila'y nakasakay sa isang (maliit, mangyari'y panagimpang-bata) Galant, at sila'y nagparada sa harap ng Frankie's, at sila'y nag-order ng pork empanada at Coke, at doon sila nagpalamig sa loob ng sasakyan.

Pagdilat niya'y maliwanag na sa labas, at yinuyugyog siya sa balikat ng tatay niy.

“Toy – sasama ka ba?” dinig niyang bulong ng tatay niya.

“Opo,” tugon niya, bagamat talos niya na sa umagang iyon ay manghuhuli sina Nono at Itoc at Radny ng alupihang-dagat sa San Roque, at noong makalawa lamang ay naghanap siya ng malinis na basyo ng Ligong paglalagyan, at nagpaalam siya sa nanay.

Dalawang piso lamang ang kinita niya noong araw na iyon, kayat sa tindahan ni Aling Rory 'y higit pa siyang nagmunimuni bago nagpasiyang bumili ng apat na pirasong Tootsie Roll, na siyang pinasalubong niya kay Nining. Ang basyo ng Ligong ginawa niyang sisidlan ng sinsilyo'y kaniyang nadagdagan – nang kaunti lamang, gayunpama'y nadagdagan. Inalog niya iyon at pinagmasdan. At inisip na sa loob ng sanlinggo'y maaaring mangalahati na ang laman niyon. At inisip din na sa loob ng isang buwan ay makabibili na siya ng pork empanada. At muli niyang inalog at pinagmasdan.

“Nag-iipon ako, Nining,” pagtatapat niya sa bunsong kapatid, bago niya ibinaon ang basyo sa ilalim ng maliit nilang kahon ng mga plastik na laruan. “Pag marami na 'ko' pera, bibili tayo' empanada. Masarap iyon.”

“Parang litson, Kuya?” usisa ni Nining.

“Mas masarap. Mayayaman ang kumakain no'n.”

“Sa bertdey ko, Kuya?” usisang muli.

“Oo. 'Pag marami na 'ko' pera. Kakain tayo do'n.”

At sandaling nagliwanag sa isip ni Nining ang larawan ng sari-saring maririkit na kainan, na madalas nilang matanaw ng nanay mula sa mga dyipni at bus na kanilang nasasakyan.

Tulad ng maraming kainan sa Katipunan, hindi ba?

Tulad ng mga kainan doon na hinihimpilan ng mga batang watch-your-car. Sa harap ng Shakey's, at ng Jollibee, at ng McDonald's at ng Kentucky's at ng Frankie's Steaks and Burgers.

At Isa si Bototy sa mga batang iyon, kaya't siguro'y nakita mo na siya.

Pagkat kinabukasa'y naroroon na naman si Bototoy, naghihintay at nagbabantay. Uma-umaga, tangha-tanghali, hapon-hapon. Nakilala niya ang mukha ng pagtitiyaga at ng pagtitiis, at ng pagsisikap, at ng pag-aasam, at ng pagbabakasakali. Ng ginhawa ng pagpanhik sa bahay na may bulsang puno ng sinsilyong kumakalansing. Ng lungkot ng pagkaalat, ng paghiga sa banig na malakas ang pagnanasang makabawi kinabukasan. At kinabukasan pa. At kinabukasan na naman. At kinabukasang muli.

Datapuwat sa pagdaan ng mga araw, ang sisidlang basyo ng Ligo'y nangalahati rin, at dumami ang nilalaman. Nang bilangin ni Bototoy ang sinsilyo'y umabot na sa beite-uno, at maibibili na niya ng pork empanada para sa kanilang dalawa ng bunsong kapatid.

“Bukas tayo bibili,” malapad na ngiti ni Bototoy. Naghagikgikan sila at nanggigil sa tuwa, at nagsilitaw ang kanilang mga ngiping-kuneho.

Madaling-araw pa lamang ay gising na gising na ang magkapatid. Nagbihis si Nining ng kaisa-isa niyang barong panlakad – kulay-koton kendi at may kuwelyong may-palibot na kulay-sapin-sapin at malaking lasong kulay-koton kendi rin – na binibihisan lamang tuwing may binyag o kasal o pistang-bayann o simbang gabi o dalaw-aginaldo. Nagpulbos siya't nagsuot ng hikaw niyang plastik at hugis-bituin. Si Bototoy naman, pagkat walang sariling maayos na panlakad ay nagsuot pa rin ng maluwang niyang shorts, at ng kamisetang may dibuhong kupas na oso at mga titik na “so happy summer day be many friends”, na hiram sa nakatatandang kapatid.

“Papasyal ang dalawa, ha,” biro ng nanay nang sila’y paalis na.

“Be-bertdey parti kami Kuya,” masayang bitiw ni Nining, at humawak siya nang mahigpit sa kamay ni Bototoy.

Inakyat nila ang liku-likong landas mula Barangka hanggang service gate sa likod ng paaralan, kasama ng tatay nila at nina Nono, Itoc, at Radny. Nagdaan sila sa covered court, at nilakad ang malayu-layo pang Gate 2, at doon ay tumawid sila sa Katipunan, patungong Frankie’s Steaks and Burgers.

Samatala’y malihis muna tayo.

Kung madalas ka nga sa Katipunan, at kung nakita mo na nga ang Frankie’s Steaks and Burgers, at kung nakakain ka na nga ng Frankie’s Especial Pork Empanada, nakita mo na rin siguro ang weytres na madalas matoka sa aluminyum na bintana roon.

Noong umagang iyon ay muling gumising nang may toyo sa utak ang weytres. Noong kasing nakaraang linggo at nagsara sila ng kainan, nang magbilang ng pera’y natuklasang kulang ng beinte-uno ang kabuuang bayad sa empanada. Sinabunan ng may-ari ang weytres sa pagiging burara, at pinaghinalaan pang nangupit ng dalawang empanada. Bagamat di siya inawasan ng sahod, labis na dinamdam ng weytres ang pangyayaring iyon. Totoo ngang siya’y burara – bukod sa suplada at masungit at laging nakaismid – ngunit sa pangungupit ng empanada’y wala siyang kasalanan.

Noong umagang iyon, nang ipasok ng nagdedeliber ang mga kahon ng sariwang empanada, isa-isa yaong binuklat ng weytres, at ang nilalaman ay maingat niyang binilang. Inayos niyang bunton-bunton sa mga plastic na bandeha. Dinala’t pinatong sa pasemano ng aluminyum na bintana. At hinugot ang drawer sa ilalim ng bintana, upang ilabas ang librito ng mga resibong puti at rosas at pirasong carbon paper at bolpen na matagal nang nawawala ang takip (at bunga ng kaniyang pagiging burara).

Noong umagang iyon – bago dumating sina Bototoy at Nining – ang nalalabing mga resibong puti sa librito’y naubos. Muling hinugot ng weytres ang drawer sa ilalim ng bintana – sa sulok kasi niyon ay may nakasalansang mga buong librito. Nang humila siya ng librito, dalawang empanada ang nasagi ng kaniyang kamay. Nangakabalot pa ng wax paper, ngunit papanis na – noong nakaraang linggo’y nahulog sa drawer at natulak sa loob (na bunga rin ng kaniyang pagiging burara).

Nakaramdam ng inis ang weytres. Naalala niya ang masasakit na salitang bitiw ng may-ari ng kainan, at ang paghihinala nitong nangupit siya ng empanada. Nakaramdam din siya ng itim na gala – galak ng paghihiganti, at galak ng pagwawagi.

Napaisip ang weytres. Hawak-hawak niya ang mga empanada sa kaniyang mga kamay: parang dalawang shoulder pads ng blusang dapat niyang tubusin sa mananahi mamayang gabi. Parang dalawang malalaking kwei, mga pulang kahoy na pinahagis sa kaniya sa templong Tsino, minsang samahan siya ng kaibigan upang magpahula ng magandang hanapbuhay.

Nang sandaling iyon ay may kumatok sa aluminyum na bintana, at pagsungaw ng weytres ay may dalawang maliit na batang naroroon, nakatingala sa kaniya, mabibilog at masisigla ang mga mata, mabibilog din ang mga pisngi, nakangiti, at may mga ngiping-kuneho.

“Pabili po ng dalawa’ empanada,” bati ng batang lalaki.

At bilang kaganapan ng itim niyang galak ay kinuha ng weytres ang beinte-unong abot-abot ng bata, at iyon ay lihim niyang binulsa, iniabot naman niya ang dalawang lumang empanada.

“Upo tayo, Nining,” ngiti ni Bototoy, dala-dala ang kanilang kakanin. Upang di marumhan ang damit ng kapatid ay pinagpagan niya ng alikabok ang isang bahagi ng sementadong island. Naupo silang magkasiping, nagngingitian, naghahagikgikan at nanggigigil sa tuwa.

“Dito ‘ko nagtatrabaho,” pagmamalaki ni Bototoy, at pinagmasdan ni Nining nang buong pagmamangha ang kanilang kapaligiran.

Maingat nilang binuklat ang wax paper, at masayang tiningna ang mga empanada, at masaya yaong sinubo, at kinain nang marahan upang namnamin ang lasa’t di nila agad maubos.

“Kaka’nin mo’ balat, Nining, kasi malutong,” bilin ni Bototoy,

“Masarap, Kuya.”

“Masarap.”

Sa Katipunan, patuloy na nagdaan ang mga sasakyan, mabilis at mabagal

**Lumang ortograpiya**

**Unang bahagi:**

Virgeng Ináng mariquit  
Emperadora sa Langit,  
tulungan po yaring isip  
matutong macapagsulit.

Sa aua mo po't, talaga  
Virgeng ualang macapára,  
acong hamac na oveja  
hulugan nang iyong gracia.

Dila co'i iyóng talasan  
pauiin ang cagarilán,  
at nang mangyaring maturan  
ang munting ipagsasaysay.

At sa tanang nangarito  
nalilimping auditorio,  
sumandaling dinguin ninyo  
ang sasabihing corrido.

Na ang sabi sa historia  
nang panahong una-una,  
sa mundo'i nabubuhay pa  
yaong daquilang monarca.

At ang caniyang esposa  
yaong mariquit, na reina,  
ang pangala't bansag niya  
ay si doña Valeriana.

Itong hari cong tinuran  
si don Fernando ang ngalan  
ang caniyang tinubuan  
ang Berbaniang caharian.

**Modernong ortograpiya**

**Unang bahagi:**

Birheng Inang marikit  
Emperadora sa Langit,  
tulungan po yaring isip  
matutong makapagsulit.

Sa awa mo po't talaga  
Birheng walang makapara  
akong hamak na oveja  
hulugan ng iyong grasya.

Dila ko'y iyong talasan  
pawiin ang kagarilan  
at nang mangyaring maturan  
ang munting ipagsasaysay.

At sa tanang nangarito  
nalilimping awditoryo  
sumandaling dinggin ninyo  
ang sasabihing korido.

Na ang sabi sa historya  
nang panahong unang-una,  
sa mundo'y nabubuhay pa  
yaong dakilang monarka.

At ang kaniyang esposa  
yaong marikit na reyna  
ang pangala't bansag niya  
ay si Donya Valeriana.

Itong hari kong tinuran  
si Don Fernando ang ngalan  
ang kaniyang tinubuan  
ang Berbanyang kaharian.

Ang haring sinabi co na  
ay may tatlong anác sila,  
tuturan co't ibabadyá  
nang inyo ngang maquilala.

Si don Pedro ang panganay  
na anác nang haring mahal,  
at ang icalaua naman  
si don Diego ang pangalan.

Ang icatlo'i, si don Juan  
ito'i siyang bunsong tunay,  
parang Arao na sumilang  
sa Berbaniang caharian.

Ito'i, lalong mahal baga  
sa capatid na dalaua,  
salang malingat sa mata  
nang caniyang haring amá.

Para-parang nag-aaral  
ang manga anác na mahal,  
malaqui ang catouaan  
nang hari nilang magulang.

Ay ano'i, nang matuto na  
yaong tatlong anác niya,  
ay tinauag capagdaca  
nitong daquilang monarca.

Lumapit na capagcuan  
ang tatlong princípeng mahal,  
cordero'i, siyang cabagay  
nag-aantay pag-utusan.

Anáng hari ay ganitó  
caya co tinauag cayó,  
dito sa itatanong co  
ay sabihin ang totoo.

Ang haring sinabi ko na  
ay may tatlong anak sila  
tuturan ko't ibabadya  
nang inyo ngang makilala.

Si Don Pedro ang panganay  
na anak ng haring mahal,  
at ang ikalawa nama'y  
si Don Diego ang pangalan.

Ang ikatlo'y si Don Juan  
Ito'y siyang bunsong tunay,  
parang Araw na sumilang  
sa Berbanyang kaharian.

Ito'y lalong mahal baga  
sa kapatid na dalawa,  
salang malingat sa mata  
ng kaniyang haring ama.

Para-parang nag-aaral  
ang mga anak na mahal,  
malaki ang katuwaan  
ng hari nilang magulang.

Ay ano'y nang matuto na  
yaong tatlong anak niya  
ay tinawag kapagdaca  
nitong dakilang monarka.

Lumapit na kapagkuwan  
ang tatlong prinsipeng mahal,  
kordero'y siyang kabagay  
nag-aantay pag-utusan.

Anang hari ay ganito:  
"Kaya ko tinawag kayo,  
dito sa itatanong ko  
ay sabihin ang totoo.

B  
A  
I  
T  
A  
N  
G  
7  
★  
I  
K  
A  
T  
L  
O  
N  
G  
M  
A  
R  
K  
A  
H  
A  
N

Linoob nang Dios Amá na cayo’i, nangatuto na, mili cayo sa dalaua magpare ó magcorona.

“Niloob ng Diyos Ama na kayo’y nangatuto na, mili kayo sa dalawa magpari o magkorona.”

Ang sagót nila at saysay sa hari nilang magulang, capua ibig magtangan nang corona’t, cetrong mahal.

Ang sagot nila at saysay sa hari nilang magulang, kapwa ibig magtangan ng korona’t setrong mahal.

Nang itó ay maringig na nang haring canilang amá, pinaturuan na sila na humauac nang espada.

Nang ito ay marinig na ng haring kanilang ama, pinaturuan na sila na humawak ng espada.

Sa Dios na calooban sa canilang pag-aaral, di nalao’i, natutuhan ang sa armas ay pagtangan.

Sa Diyos na kalooban sa kanilang pag-aaral, di nalao’y natutuhan ang sa armas ay pagtangan.

Ito’i, lisanin co muna yaong pagcatuto nila, at ang aquing ipagbadyá itong daquilang monarca.

Ito’y lisanin ko muna yaong pagkatuto nila, at ang aking ipagbadya itong dakilang monarka.

Nang isang gabing tahimic itong hari’i, na-iidlip, capagdaca’i, nanaguinip sa hihigán niyang banig.

Nang isang gabing tahimik itong hari, naiidlip, kapagdaka’y nanaginip sa hihigan niyang banig.

At ang bungang panaguimpan nitong hari cong tinuran, ang anác na si don Juan pinag lilo at pinatay.

At ang bungang panagimpan nitong hari kong tinuran ang anak na si Don Juan pinaglilo at pinatay.

Ang dalauang tampalasang sa caniya ay pumatáy, inihulog at iniuan sa balón na calaliman.

Ang dalawang tampalasang sa kaniya ay pumatay inihulog at iniwan sa balon na kalaliman.

B  
A  
I  
T  
A  
N  
G  
7  
★  
I  
K  
A  
T  
L  
O  
N  
G  
M  
A  
R  
K  
A  
H  
A  
N

Sa pananaguinip bagá nitong mahal na monarca, nagbangon capagcaraca sa hihigán niyang cama.

Sa pananaginip baga nitong mahal na monarka, nagbangon kapagkaraka sa hihigan niyang kama.

At hindi nanga na-idlip sa malaqui niyang hapis, sa hirap na masasapit niyong bunsong ini-ibig.

At hindi na nga naidlip sa malaki niyang hapis, sa hirap na masasapit niyong bunsong iniibig.

Ito ang niyang dahilán nang sa bungang panaguimpan tuloy ipinagcaramdam at sa banig ay naratay.

Ito ang niyang dahilan nang sa bungang panagimpan tuloy ipinagkaramdam at sa banig ay naratay.

Nagpatauag nanga rito marurunong na médico, dili masabi cun anó ang saquit nang haring itó.

Nagpatawag na nga rito marurunong na mediko, dili masabi kung ano ang sakit ng haring ito.

Sa gayong carami bagá medicong tinawag nila, ay ualang macapagbadya sa saquit na dinadalá.

Sa gayong karami baga medikong tinawag nila ay walang makapagbadya sa sakit na dinadala.

Ay mayroon namang isá na bagong cararating pa, siyang nagpahayag bagá saquit nang bunying alteza.

Ay mayroon namang isa na bagong kararating pa siyang nagpahayag baga sakit ng bunying alteza.

Ang damdam mo haring mahal ay galing sa panaguimpán, sa iyo’i, aquing tuturan ang iyo pong cagamutan.

“Ang damdam mo haring mahal ay galing sa panagimpan, sa iyo’y aking tuturan ang iyo pong kagamutan.

May isang ibong maganda ang pangalan ay Adarna, cun marinig mong magcantá ang saquit mo’i, guiguinhaua.

“May isang ibong maganda ang pangalan ay Adarna, kung marinig mong magkanta ang sakit mo’y giginhawa.

Sa Tabor na cabunducan  
ang siyang quinalalaguian,  
cahoy na hinahapunan  
Piedras Platas ang pangalan.

“Sa Tabor na kabundukan  
ang siyang kinalalagian  
kahoy na hinahapunan  
Piedras Platas ang pangalan.

Cun arao ay uala roon  
itong encantadang ibon,  
sa iba sumasalilong  
at nagpapaui nang gutom.

“Kung araw ay wala roon  
itong engkantadang ibon,  
sa iba sumasalilong  
at nagpapawi ng gutom.

Cun gabing catahimican  
ualang malay ang sino man,  
ay siyang pag-oui lamang  
sa Tabor na cabunducan.

“Kung gabing katahimikan  
walang malay ang sino man,  
ay siyang pag-uwi lamang  
sa Tabor na kabundukan.

Cayá mahal na monarca  
yao’i, siyang ipacuha,  
gagaling pong ualang sala  
ang saquíit mong dinadalá.

“Kaya mahal na monarka  
yao’y siyang ipakuha  
gagaling pong walang sala  
ang sakit mong dinadala.”

Nang sa haring mapaquingan  
ang caniyang cagamutan,  
capagdaca’i, inutusan  
ang anác niyang panganay.

Nang sa haring mapakinggan  
ang kaniyang kagamutan,  
kapagdaka’y inutusan  
ang anak niyang panganay.

Si D. Pedro’i, tumalima  
sa utos nang haring amá,  
iginayác capagdaca  
cabayong sasac-yán niya.

Si Don Pedro’y tumalima  
sa utos ng haring ama,  
iginayak kapagdaca  
kabayong sasakyan niya.

**Ikalawang bahagi:**

Yao nanga’t, lumacad na  
cabunducan ang pinuntá,  
at hahanaping talagá,  
mahal na ibong Adarna.

**Ikalawang bahagi:**

Yao na nga’t lumakad na  
kabundukan ang pinunta,  
at hahanaping talaga,  
mahal na Ibong Adarna.

Mahiguit na tatlong buan  
paglacad niya sa párang,  
at hindi nga maalaman  
ang Tabor na cabunducan.

Mahigit na tatlong buwan  
paglakad niya sa parang,  
at hindi nga maalaman  
ang Tabor na kabundukan.

May dinatnang landás siya  
mataas na pasalungá,  
tumahan capagcaraca  
itong princípeng masiglá.

May dinatnang landas siya  
mataas na pasalunga,  
tumahan kapagkaraka  
itong prinsipeng masigla.

Sa masamáng capalaran  
sa Dios na calooban,  
nang dumating sa ibabaw  
cabayo niya’i, namatáy.

Sa masamang kapalaran  
sa Diyos na kalooban  
nang dumating sa ibabaw  
kabayo niya’y namatay.

Di anong magagaua pa  
uala nang masac-yán siya,  
ang bastimento’i, quinuha  
at lumacad capagdaca.

Di anong magagawa pa  
wala nang masakyan siya,  
ang bastimento’y kinuha  
at lumakad kapagdaca.

Sa Dios na calooban  
na sa tanong bininyagan,  
dumating siyang mahusay  
sa Tabor na cabunducan.

Sa Diyos na kalooban  
na sa tanong bininyagan  
dumating siyang mahusay  
sa Tabor na kabundukan.

May cahoy siyang naquita  
na tantong caaya-aya,  
sa caagapay na ibá  
siyang tangi sa lahat na.

May kahoy siyang nakita  
na tantong kaaya-aya  
sa kaagapay na iba  
siyang tangi sa lahat na.

Ang daho’i, sacdal nang inam  
para-parang cumiquinang,  
diamante’i, siyang cabagay  
sa mata’i, nacasisilao.

Ang daho’y sakdal nang inam  
para-parang kumikinang,  
diyamante’y siyang kabagay  
sa mata’y nakasisilaw.

Ang naisipan nga niya  
sa loob at ala-ala,  
doon na tumiguil bagá  
itong princípeng masiglá.

Ang naisipan nga niya  
sa loob at alaala,  
doon na tumigil baga  
itong prinsipeng masigla.

Ang nasoc sa calooban  
ang cahoy na ito’i, siyang  
marahil hinahapunan  
nang ibong cong pinag-lacbay.

Ang nasok sa kalooban  
“Ang kahoy na ito’y siyang  
marahil hinahapunan  
ng ibong kong pinaglakbay.”

Ay ano'i, nang gagabi na ang Arao ay lulubóg na, madláng ibo'i, narito na at manga cauan ang ibá.

Sa gayóng daming nagdaan ualang dumápo isa man, naguló ang gunam-gunam nitong príncipeng timtiman.

Ganitong diquit na cahoy ualáng ibong humahapon, aco'i, dito nalingatong paghihintay cong malaon.

Ang nasoc sa ala-ala sa loob niyang mag-isá, ang siya ay magpahingá at búcas lumacad siya.

Humilig nanga't, sumandal doon sa cahoy na mahal, sa malaquing capaguran siya'i, tambing nagulaylay.

Ay ano'i, nang tahimic na ang gabí ay lumalim na, siya nangang pagdating na niyong ibong encantada.

Dumapo na siyang agad sa cahoy na Piedras Platás, balahibo ay nangulág pinalitán niyang agad.

At capagdaca'i, nagcantá itong ibong encantada, ang tinig ay sabihin pa tantong caliga-ligaya.

Ay ano'y nang gagabi na ang Araw ay lulubog na, madlang ibo'y narito na at mga kawan ang iba.

Sa gayong daming nagdaan walang dumapo isa man, nagulo ang gunam-gunam nitong prinsipeng timtiman.

"Ganitong dikit na kahoy walang ibong humahapon ako'y dito nalingatong paghihintay kong malaon."

Ang nasok sa alaala sa loob niyang mag-isa ang siya ay magpahinga at bukas ay lumakad siya.

Humilig na nga't sumandal doon sa kahoy na mahal, sa malaking kapaguran siya'y tambing nagulaylay.

Ay ano'y nang tahimik na ang gabí'y lumalim na siya na ngang pagdating na noong ibong engkantada.

Dumapo na siyang agad sa kahoy na Piedras Platas, balahibo ay nangulag pinalitan niyang agad.

At kapagdaka'y nagkanta itong ibong engkantada, ang tinig ay sabihin pa tantong kaliga-ligaya.

Ang príncipe ay hindi na nacaringig nang pagcantá, pagtúlog ay sabihin pa himbing na ualang capara.

Ang sa ibong ugali na cun matapos na magcantá, ay siyang pag-táe niya at matutulog pagdaca.

Sa masamáng capalaran ang príncipe'i, natai-an, ay naguing bató ngang tunay ang catauan niyang mahal.

Di anong magágaua pa nang siya'i, maguing bató na, paghihintay sabihin pa nang haring caniyang amá.

**Ikatlong bahagi:**  
At nang maguing isang-taon na hindi dumarating bagá, inutusan capagdaca si don Diegong pangalauá.

Sumunód at di sumuay sa hari niyang magulang, iguinayác capagcuan cabayo niyang sasac-yán.

Pagca-handa'i, lumacad na cabunducan ang tinumpá, at hahanapin nga niya ang bunying ibong Adarna.

Mahiguit sa limang buan nag-lacad niya sa párang, hindi naman maalaman ang Tabor na cabunducan.

Ang prinsipe ay hindi na nakarinig ng pagkanta pagtulog ay sabihin pa himbing na walang kapara.

Ang sa ibong ugali na kung matapos na magkanta ay siyang pagtae niya at matutulog pagdaca.

Sa masamang kapalaran ang prinsipe'y nataihan ay naging bato ngang tunay ang katawan niyang mahal.

Di anong magagawa pa nang siya'y maging bato na, paghihintay sabihin pa ng haring kaniyang ama.

**Ikatlong bahagi:**  
At nang mag-iisang taon na hindi dumarating baga, inutusan kapagdaca si Don Diegong pangalawa.

Sumunod at di sumuway sa hari niyang magulang, iginayak kapagkuwan kabayo niyang sasakyan.

Pagkahanda'y lumakad na kabundukan ang tinumpa at hahanapin nga niya ang bunying Ibong Adarna.

Mahigit sa limang buwan naglakad siya sa parang, hindi naman maalaman ang Tabor na kabundukan.

Nang siya ay dumating na,  
sa daan na pasalunga,  
nagtuloy at umahon na  
itong príncipeng masiglá.

Sa masamáng capalaran  
nang dumating sa ibabaw,  
nabual nanga't, namatay  
ang cabayong sinasac-yán.

Di anong magagaua pa  
sa cabayong namatay na,  
ang báon niya'i, quinuha  
at lumacad capagdaca.

Nang siya'i, dumating naman  
sa Tabor na cabunducan,  
may cahoy siyang dinatnan  
diquít ay di ano lamang.

Nang caniyang mapagmalas  
ang cahoy Piedras Platas,  
ang dahon ay cumiquintáb  
diquít ay ualang catulad.

Ang nasoc sa ala-ala  
nitong príncipeng magandá,  
cahoy na caaya-aya  
hapunán niyong Adarna.

Sa puno nang cahoy baga  
may bató siyang naquita,  
cristal ang siyang capara  
nacauiuili sa matá.

Doon niya napagmalas  
ang cahoy na Piedras Platas  
ang balát ay gintóng uagás  
anaqui'i, may piedrerías.

Nang siya ay dumating na  
sa daan na pasalunga,  
nagtuloy at umahon na  
itong prinsipeng masigla.

Sa masamang kapalaran  
nang dumating sa ibabaw,  
nabuwal na nga't namatay  
ang kabayong sinasakyan.

Di anong magagawa pa  
sa kabayong namatay na,  
ang baon niya'y kinuha  
at lumakad kapagdaka.

Nang siya'y dumating naman  
sa Tabor na kabundukan  
may kahoy siyang dinatnan  
rikit ay di ano lamang.

Nang kaniyang mapagmalas  
ang kahoy Piedras Platas,  
ang dahon ay kumikintab  
rikit ay walang katulad.

Ang nasok sa alaala  
nitong prinsipeng maganda,  
kahoy na kaaya-aya  
hapunan niyong Adarna.

Sa puno ng kahoy baga  
may bato siyang nakita  
kristal ang siyang kapara  
nakawiwili sa mata.

Doon niya napagmalas  
ang kahoy na Piedras Platas  
ang balat ay gintong wagas  
anaki't may piedreryas.

Sa toua niya't, ligaya  
sa cahoy niyang naquita,  
oras nang á las cinco na  
madlang ibo'i, nagdaan na.

Sa gayong daming nagdaan  
manga ibong cauan-cauan,  
ualang dumapo isa man  
sa cahoy niyang namasdan.

Ganitong diquit na cahoy  
ualang ibong humahapon,  
ito'i, di co mapagnoynoy  
cahalimbaua co'i, ulól.

Ang cahoy na caagapay  
mayroong ibong nagdaan,  
ito'i, siyang tangi lamang  
bucód na hindi dapuan.

Cahit anong casapitan  
ay hindi co tutugutan,  
na cun anong cabagayán  
sa cahoy na gaua't, laláng.

Ay ano'i, nang lumalim na  
ang gabí ay tahimic na,  
doon sa batóng naquita  
ay nangublí capagdaca.

Ay ano'i, caalam-alam  
sa caniyang paghihintay,  
siya na nganing pagdatál  
nang ibong Adarnang mahal.

Dumapo na nganing agád  
sa cahoy na Piedras Platas,  
at naghusay nangang caguiat  
balahibong sadyang dilág.

Sa tuwa niya't ligaya  
sa kahoy niyang nakita,  
oras nang alas singko na  
madlang ibo'y nagdaan na.

Sa gayong daming nagdaan  
mga ibong kawan-kawan,  
walang dumapo isa man  
sa kahoy niyang namasdan.

“Ganitong rikit na kahoy  
walang ibong humahapon  
ito'y di ko mapagnuynoy  
kahalimbawa ko'y ulol.

“Ang kahoy na kaagapay  
mayroong ibong nagdaan,  
ito'y siyang tangi lamang  
bukod na hindi dapuan.

“Kahit anong kasapitan  
ay hindi ko tutugutan,  
na kung anong kabagayan  
sa kahoy na gawa't lalang.”

Ay ano'y nang lumalim na  
ang gabi ay tahimik na,  
doon sa batong nakita  
ay nangubli kapagdaka.

Ay ano'y kaalam-alam  
sa kaniyang paghihintay,  
siya na nganing pagdatal  
ng Ibong Adarnang mahal.

Dumapo na nganing agad  
sa kahoy na Piedras Platas,  
at naghusay na ngang kagiyat  
balahibong sadyang rilag.



B  
A  
I  
T  
A  
N  
G  
7  
★  
I  
K  
A  
T  
L  
O  
N  
G  
M  
A  
R  
K  
A  
H  
A  
N

Sa príncipeng napagmasdan ang sa ibong cariquitan, icaó ngayo’i, pasasaan na di sa aquin nang camay.

Ay nang macapaghusay na itong ibong encantada, ay siya nangang pagcantá tantong caliga-ligaya.

Sa príncipenapaquingan ang voces na sadyang inam, capagdaca’i, nagulay-lay sa caniyang pagcasandal.

Sino cayang di maidlip sa gayong tinig nang voces, cun marinig nang may saquíit ay gagaling siyang pilit.

Macapitong hintó bagá, ang caniyang pagcacantá, pitó naman ang hichura balahibong maquiquita.

Nang matapos nganing lahat yaong pitóng pagcocoplas, ay tumáe namang agad itong ibong sadyang dilág.

Sa casam-ang capalaran si don Diego ay natai-an, ay naging bató rin naman cay don Pedro’i, naagapay.

Di anong magagaua pa nang siya’i, maguing bató na, paghihintay sabihin pa nang haring caniyang amá.

Sa prinsipeng napagmasdan ang sa ibong karikitan, “Ikaw ngayo’y pasasaan na di sa akin nang kamay.”

Ay nang mapaghusay na itong ibong engkantada ay siya na ngang pagkanta tantong kaliga-ligaya.

Sa prinsipeng napakinggan ang boses na sadyang inam, kapagdaka’y nagulaylay sa caniyang pagkasandal.

Sino kayang di maidlip sa gayong tinig ng boses, kung marinig nang may sakit ay gagaling siyang pilit.

Makapitong hindi baga ang caniyang pagkakanta pito naman ang itsura balahibong makikita.

Nang matapos nganing lahat yaong pitong pagkukuplas ay tumáe namang agad itong ibong sadyang dilag.

Sa kasam’ang kapalaran si Don Diego ay nataihan ay naging bato rin naman kay Don Pedro’y naagapay.

Di anong magagawa pa nang siya’y maging bato na, paghihintay sabihin pa ng haring caniyang ama.

B  
A  
I  
T  
A  
N  
G  
7  
★  
I  
K  
A  
T  
L  
O  
N  
G  
M  
A  
R  
K  
A  
H  
A  
N

**Ikaapat na bahagi:**

Hindi niya mautusan ang anác na si don Juan, at di ibig mahiwalay cahit susumandalí man.

Si don Jua’i, naghihintay na siya ay pag-utusan, aayao tauaguin naman nang hari niyang magulang.

Siya nanga’i, nagcusa na dumulog sa haring amá, nag-uica capagcaraca nang ganitong parirala,

Aco po’i, pahintulutan nang haring aquing magulang, aco ang quiquita naman nang iyo pong cagamutan.

Ngayon ay tatlong taón na hindi dumarating bagá, ang capatid cong dalawa saquíit mo po’i, malubha na.

Ang sagót nang haring mahal bunsóng anác co don Juan cun icaó ay mahiwalay lalo co pang camatayan.

Mapait sa puso’t, dibdib iyang gayác mo’t, pag-alís, hininga co’i, mapapatid cun icaó’i, di co masilip.

Isinagót ni don Juan ó haring aquing magulang, sa loob co po’i, masucal mamasdan quitang may damdam.

**Ikaapat na bahagi:**

Hindi niya mautusan ang anak na si Don Juan, at di ibig mahiwalay kahit susumandali man.

Si Don Jua’y naghihintay na siya ay pag-utusan aayaway tawagin naman ng hari niyang magulang.

Siya na nga’y nagkusa na dumulog sa haring ama, nagwika kapagkaraka ng ganitong parirala:

“Ako po’y pahintulutan ng haring aking magulang ako ang kikita naman ng iyong kagamutan.

“Ngayon ay tatlong taon na hindi dumarating baga ang kapatid kong dalawa sakit mo po’y malubha na.”

Ang sagot ng haring mahal, “Bunsong anak kong Don Juan kung ikaw ay mahiwalay lalo ko pang kamatayan.

“Mapait sa puso’t dibdib iyang gayak mo’t pag-alis, hininga ko’y mapapatid kung ika’y di ko masilip.”

Isinagot ni Don Juan: “O haring aking magulang, sa loob ko po’y masukal mamasdan kitang may damdam.

Cundi mo pahintulutan ang aking pagpapaalam, ay di mo mamamalayan ang pag-alis co't, pagpanao.

Sa uinicang ito naman ang hari ay natiguilan, at segurong magtatanan ang príncipeng si don Juan.

Lumuhod na capagdaca sa harap nang haring amá, bendición po'i, igauad na siya cong maguing sandata.

Capagdaca'i, guinauwan at siya'i, binendicionan, at sa reinang iná naman ay lumuhód capagcuan.

Ay ano'i, nang matapos na na mabendicionan siya, ay nagtindig capagdaca itong príncipeng masigla.

Ang despensa ay binucsán nuha nang limang tinapay, siyang babaunin lamang sa talagang parurunan.

Di sumacay sa cabayo nag-lacad nangang totoo, ang príncipe nganing itó cabunducan ang tinungo.

Doon sa paglacad niya ualang tauong naquiquita, paratí sa ala-ala ang Vírgen Santa María.

“Kung di mo pahintulutan ang aking pagpapaalam ay di mo mamamalayan ang pag-alis ko't pagpanaw.”

Sa winikang ito naman ang hari ay natigilan at segurong magtatanan ang prinsipeng si Don Juan.

Lumuhod na kapagdaca sa harap ng haring ama, “Bendisyon po'y igawad na siya kong maging sandata.”

Kapagdaca'y ginawaran at siya'y binendisyonan at sa reynang ina naman ay lumuhod kapagkuwan.

Ay ano'y nang matapos na nang mabendisyonan siya, ay nagtindig kapagdaca itong prinsipeng masigla.

Ang despensa ay binuksan nuha ng limang tinapay siyang babaunin lamang sa talagang parurunan.

Di sumakay sa kabayo naglakad na ngang totoo ang prinsipeng nganing ito kabundukan ang tinungo.

Doon sa paglakad niya walang taong nakikita parati sa ala-ala ang Birheng Santa Maria.

Cung mahustong isang buan paglacad niya sa parang, ay siyang pagcain lamang nang isang baong tinapay.

Sa isang buan ang isa nang pagcaing muli niya, parang nagpepenitencia nang sa ibon ay pagquita.

Madai't, salita naman at di co na pahabaan, ay naguing apat na buan pag-lacad niya sa parang.

Sa awa nang Vírgen Iná cay don Juan de Berbania, ay dumating capagdaca sa daan na pasalunga.

Nang sa príncipeng matignan taas niyong cabunducan, lumuhód siya't, nagdasál sa Vírgeng Inang marangal.

Aco'i, iyong caauaan Vírgeng calinis-linisan, at aquin ding matagalán itong mataas na daan.

Nang siya'i, matapos naman pagtauag sa Vírgeng mahal, nuha nang isang tinapay at cumain capagcuan.

Sa limang tinapay bagá na baon niyang talaga, iisa na ang natira na pangpauing gutom niya.

Kung mahustong isang buwan paglakad niya sa parang ay siyang pagkain lamang ng isang baong tinapay.

Sa isang buwan ang isa ng pagkaing muli niya parang nagpepenitensiya ng sa ibon ay pagkita.

Madaling salita naman at di ko na pahabaan ay naging apat na buwan paglakad niya sa parang.

Sa awa ng Birheng Ina kay Don Juan de Berbanya, ay dumating kapagdaca sa daan na pasalunga.

Nang sa prinsipeng matignan taas niyong kabundukan, lumuhod siya't nagdasal sa Birheng Inang marangal.

Ako'y iyong kaawaan Birheng kalinis-linisan, at akin ding matagalan itong matalas na daan.

Nang siya'y matapos naman pagtauag sa Birheng mahal, nuha ng isang tinapay at kumain kapagkuwan.

Sa limang tinapay baga na baon niyang talaga iisa na ang natira na pampawing gutom niya.

Nang matapos nang pagcain sumalunga siyang tambing, sa aua nang Ináng Virgeng ualang hirap na dinating.

Nang dumating sa ibabaw ang príncipeng si don Juan, doo'i, caniyang dinatnán isang leprosong sugatán.

Anitong leproso't, badyá maguinoó po aniya, na cun may baon cang dalá aco po'i, limosán mo na.

Sa Dios po alang-alang aco'i, iyong cahabagán, cun gumaling ang catauan ay aquin ding babayaran.

Isinagot ni don Juan aco nga'i, mayroong taglay, natirang isang tinapay na aqing baon sa daan.

Dinucot na capagdaca yaong tinapay na isa, caniyang ibinigay na sa leproso na naquita.

Anitong matanda't, saysay pasasaan ca don Juan, sabihin mo't, iyong turan ang layon mo't, iyong pacay.

Anang príncipe at badyá ganito po'i, maquinig ca, sasabihin cong lahat na ang sadya cong quiniquita.

Nang matapos na'ng pagkain sumalunga siyang tambing sa awa ng Inang Birheng walang hirap na dinating.

Nang dumating sa ibabaw ang prinsipeng si Don Juan doo'y caniyang dinatnan isang leprosong sugatan.

Anitong leproso't badya, "Maginoo po aniya na kung may baon kang dala ako po'y limusan mo na.

"Sa Diyos po alang-alang ako'y iyong kahabagan, kung gumaling ang katawan ay akin ding babayaran."

Isinagot ni Don Juan "Ako nga'y mayroong taglay, natirang isang tinapay na aking baon sa daan."

Dinukot na kapagdaca yaong tinapay na isa, caniyang ibinigay na sa leproso na nakita.

Anitong matanda't saysay "Pasasaan ka, Don Juan? Sabihin mo'y iyong turan ang layon mo't pakay."

Anang príncipe at badya, "Ganito po'y makinig ka sasabihin kong lahat na ang sadya kong kinikita.

Ang ama co'i, may damdam sa banig ay nararatay, ang ibong Adarna lamang ang caniyang cagamutan.

Bucód dito ang isa pa ngayon ay tatlong taon na, na hindi co naquiquita ang capatid cong dalauá.

Anitong leproso bagá don Juan maghihirap ca, at sa pagca't, encantada yaon ngang ibong Adarna.

Nguni't, ngayon ang bilin co ay itanim sa pusó mo. at nang hindi sapitin mo na icáo ay maguing bató.

Sa iyong paglalacad diyan ay may cahoy na daratnan, diquí't ay di ano lamang cauli-uiling titigan.

Doo', huag tumiguil ca na sa cariquitan niya, totoong ualang pagsala don Jua'i, mamamatay ca.

Sa ibaba'i, tumanaw ca may bahay cang maquiquita ang magtuturo ay siya doon sa ibong Adarna.

Yaring limos mong tinapay ay cunin mo na don Juan, nang may canin ca sa daan sa láyo nang paroroonan.

"Ang ama ko'y may damdam sa banig ay nararatay, ang Ibong Adarna lamang ang caniyang kagamutan.

"Bukod dito ang isa pa ngayon ay tatlong taon na na hindi ko nakikita ang kapatid kong dalawa."

Anitong leproso baga "Don Juan, maghihirap ka, at sapagkat engkantada yaon ngang Ibong Adarna.

"Ngunit ngayon ang bilin ko ay itanim sa puso mo at nang hindi sapitin mo na ikaw ay maging bato.

"Sa iyong paglalacad diyan ay may kahoy na daratnan, rikit ay di ano lamang kawili-wiling titigan.

"Doo'y huwag tumigil ka na sa karikitan niya totoong walang pagsala Don Jua'y mamamatay ka.

"Sa ibaba'y tumanaw ka may bahay kang makikita ang magtuturo ay siya doon sa Ibong Adarna.

"Yaring limos mong tinapay ay kunin mo na, Don Juan nang may kanin ka sa daan sa layo ng paroroonan."

Anitong príncipe't, badyá  
ugali pagcabata na,  
na cun mailimos co na  
ay di co na quinucuha.

Pinipilit na ibigay  
ang limos niyang tinapay,  
umalis na si don Juan  
siya'i, hindi pinaquingan.

Sa mahusay na pag-lacad  
nitóng príncipeng marilág,  
sumapit siyang liualas  
sa cahoy na Piedras Platas.

Nang maquita ni don Juan  
yaong cahoy na malabay,  
loob niya'i, natiguilan  
sa gayon ngang cariquitan.

Naualá sa ala-ala  
yaóng bilin sa caniya,  
parang naencanto siya  
sa cahoy niyang naquita.

Sa caniyang pagmamalas  
sa dahong nagsisiquintáb,  
gayon din naman ang lahat  
na anaqui'i, guintóng uagás.

Ay ano'i, caguinsa-guinsá  
na sa panonoód niya,  
ay parang pinucao bagá  
ang caniyang ala-ala.

Tinutóp nanga ang noó  
at nag uica nang ganito,  
abá at nalimutan co  
yaóng bilin nang leproso.

Anitong prinsipe't badya,  
"Ugali pagkabata na  
na kung mailimos ko na  
ay di ko na kinukuha."

Pinipilit na ibigay  
ang limos niyang tinapay,  
umalis na si Don Juan  
siya'y hindi pinakinggan.

Sa mahusay na paglakad  
nitong prinsipeng marilag,  
sumapit siyang liwalas  
sa kahoy na Piedras Platas.

Nang makita ni Don Juan  
yaong kahoy na malabay,  
loob niya'y natigilan  
sa gayon ngang karikitan.

Nawala sa alaala  
yaong bilin sa kaniya,  
parang naengkanto siya  
sa kahoy niyang nakita.

Sa kaniyang pagmamalas  
sa dahong nagsisikintab,  
gayon din naman ang lahat  
na anaki't gintong wagas.

Ay ano'y kaginsa-ginsa  
na sa panonood niya,  
ay parang pinukaw baga  
ang kaniyang alaala.

Tinutop na nga ang noo  
at nagwika nang ganito  
"Aba at nalimutan ko  
yaong bilin ng leproso!"

Sa ibabá'i, tumingin siya  
ay may bahay ngang naquita,  
lumacad na capagdaca  
itóng príncipeng masiglá.

Nang dumating sa hagdanan  
napatano capagconan,  
capagdaca ay dumungao  
isang ermitañong mahal.

Pinapanhic na sa bahay  
ang príncipeng si don Juan,  
at ang ermitaño naman  
ang pagcai'i, inilagay.

Umupo na sa lamesa  
nagsalo silang dalaua,  
ay sa príncipeng naquita  
tinapay na limos niya.

At nag-uica capagdaca  
sa loob niyang mag-isa,  
itong tinapay cong dalá  
ay baquit narito baga.

Yaóng aqing linimosán  
leprosong gagapang-gapang,  
sacá dito'i, ibá naman  
ermitaño ang may tangan.

Ngayo'i, hindi maisip co  
sa Dios itong secreto,  
anaqui'i, si Jesucristo  
ang mahal na ermitaño.

Nang matapos ang pagcain  
ermitaño ay nagturing,  
don Jua'i, iyong sabihin  
cun anong sadyá sa aquin.

Sa ibaba'y tumingin siya  
ay may bahay ngang nakita,  
lumakad na kapagdaka  
itong prinsipeng masigla.

Nang dumating sa hagdanan  
napatano kapagkunan  
kapagdaka ay dumungaw  
isang ermitanyong mahal.

Pinapanhik na sa bahay  
ang prinsipeng si Don Juan  
at ang ermitanyo naman  
ang pagkai'y inilagay.

Umupo na sa lamesa  
nagsalo silang dalawa  
ay sa prinsipeng nakita  
tinapay na limos niya.

At nagwika kapagdaka  
sa loob niyang mag-isa,  
"Itong tinapay kong dala  
ay bakit narito baga?"

"Yaong aking nilimosan  
leprosong gagapang-gapang,  
saka dito'y iba naman  
ermitanyo ang may tangan.

"Ngayo'y hindi maisip ko  
sa Diyos itong sekreto  
anaki'y si Hesukristo  
ang mahal na ermitanyo."

Nang matapos ang pagkain  
ermitanyo ay nagturing,  
"Don Juan, iyong sabihin  
kung anong sadya sa akin."

Isinagot ni don Juan sa ermitañong marangal, gayon po'i, iyong paquingan at aqing ipagsasaysay.

Ang sadyá co po aniya dahil sa ibong Adarna, igagamót na talagá sa hari pong aqing amá.

Ang sagot nang ermitaño don Juan iyang hanap mo, maghihirap cang totoo at ang ibo'i, encantado.

Isinagót niya naman cahit aqing icamatáy, ituro mo po ang lugar at aqing paroroonan.

Ang sagot nang ermitaño don Jua'i, maquiquita co, na cun bagá nga totoo ang pagsunód sa amá mo.

Ang cahoy mong naraanan cauli-uiling pagmasdan, yaon ang siyang hapunán nang ibon mong pinapacay.

Na cun siya'i, dumating na sa cahoy ay magcacantá, at ang gabi'i, malalim na ualang malay cahit isá.

At cun yao'i, matapos na nang caniyang pagcacantá, pitó naman ang hichura balahibong maquiquita.

Isinagot ni Don Juan sa ermitanyong marangal, "Gayon po'y iyong pakinggan at aking ipagsasaysay.

"Ang sadya ko po aniya dahil sa Ibong Adarna igagamot na talaga sa hari pong aking ama."

Ang sagot ng ermitanyo, "Don Juan iyang hanap mo, maghihirao kang totoo at ang ibo'y engkantado."

Isinagot niya naman, "Kahit aking ikamatay, ituro mo po ang lugar at aking paroroonan."

Ang sagot ng ermitanyo "Don Jua'y makikita ko, na kung baga nga totoo ang pagsunod sa ama mo.

"Ang kahoy mong naraanan kawili-wiling pagmasdan, yaon ang siyang hapunan ng ibon mong pinapakay.

" Na kung siya'y dumating na sa kahoy ay magkakanta at ang gabi'y malalim na walang malay kahit isa.

"At kung yao'y matapos na ng kaniyang pagkakanta pito naman ang itsura balahibong makikita.

Ay nang iyong matagalán pitóng cantang maiinam, quita ngayon ay bibiguan nang maguiguing cagamutan.

Naito at iyong cuha pitóng dayap at navaja, ito'i, siyang gamót bagá na sa ibong encantada.

Balang isang cantá naman ang catauan mo'i, sugatan, at sa dayap iyong pigán nang di mo macatulugan.

At cun ito'i, matapos na nang macapitóng pagcantá, ay siyang pagtae niya don Juan ay umilag ca.

Capag icao'i, tinamaan nang tae nang ibong hirang, maguiguing bató cang tunay doon ca na mamamatáy.

Naito'i, cunin mo naman ang cintas na guintong lantay, pagca-hauac ay talian at gapusin mong matibay.

Caya bunsó hayo ca na at ang gabi'i, malalim na, at malapit nanga bagá dumating yaóng Adarna.

**Ikalimang bahagi:**  
Yáo nanga si don Juan sa Tabor na cabunducan, at caniyang aabangan ang ibong pinag-lalacbay.

"Ay nang iyong matagalan pitong kantang maiinam kita ngayon ay bibigyan ng magiging kagamutan.

"Narito at iyong kuha pitong dayap at labaha ito'y siyang gamot baga na sa ibong engkantada.

"Balang isang kanta naman ang katawan mo'y sugatan, at sa dayap iyong pig'an nang di mo makatulugan.

"At kung ito'y matapos na nang makapitong pagkanta, ay siyang pagtae niya Don Juan ay umilag ka.

"Kapag ika'y tinamaan ng tae ng ibong hirang, magiging bato kang tunay doon ka na mamamatay.

"Narito kunin mo naman ang sintas na gintong lantay pagkahawak ay talian at gapusin mong matibay.

"Kaya bunso hayo ka na at ang gabi'y malalim na at malapit na nga baga dumating yaong Adarna."

**Ikalimang bahagi:**  
Yao na nga si Don Juan sa Tabor na kabundukan at kaniyang aabangan ang ibong pinaglalacbay.

Nang siya'i, dumating na sa puno nang cahoy bagá doon na hinintay niya yaon ngang ibong Adarna.

Ay ano'i, caalam-alam sa caniyang ipaghihintay, ay siyang pagdating naman niyaong ibong sadyang mahal.

Capagdaca ay naghusay balahibo sa catauan, ang cantá'i, pinag-iinam cauli-uiling paquingan.

Naghusay namang mulí pa itong ibong encantada, umulit siyang nagcantá tantong caliga-ligaya.

Nang sa princípeng marinig yaóng matinig na voces, ay doon sa pagca-tindig tila siya'i, maiidlip.

Quinuha na capagdaca ang dala niyang navaja, at caniyang hiniua na ang caliuang camay niya.

Saca pinigán nang dáyap nitong princípeng marilág, cun ang ibon ay magcoplas ay nauaualá ang antác.

Di co na ipagsasaysay pitóng cantáng maiinam, at ang aquin namang turan sa princípeng cahirapan.

Nang siya'y dumating na sa puno ng kahoy baga doon na hinintay niya yaon ngang Ibong Adarna.

Ay ano'y kaalam-alam sa kaniyang ipaghihintay ay siyang pagdating naman noong ibong sadyang mahal.

Kapagdaka ay naghusay balahibo sa katawan, ang kanta'y pinag-iinam kawili-wiling pakinggan.

Naghusay namang muli pa itong ibong engkantada umulit siyang nagkanta tantong kaliga-ligaya.

Nang sa prinsipeng marinig yaong matinig na boses ay doon sa pagkatindig tila siya'y maiidlip.

Kinuha na kapagdaka ang dala niyang labaha at kaniyang hiniwa na ang kaliwang kamay niya.

Saka pinig'an ng dayap nitong prinsipeng marilag kung ang ibon ay magkuplas ay nawawala ang antak.

Di ko na ipagsasaysay pitong kantang maiinam at ang akin namang turan sa prinsipeng kahirapan.

Pitóng cantá'i, nang mautás nitong ibong sacdal dilág, pitó rin naman ang hilas cay don Juang naging sugat.

Ay ano'i, nang matapos na ang caniyang pagcasantá, ay tumáe capagdaca ito ngang ibong Adarna.

Ang princípeng si don Juan inailag ang catauán, hindi siya tinamaan para nang unang nagdaan.

Siya ngang pagtúlog na nitong ibong encantada, ang pacpac ay nacabucá dilát ang dalawang matá.

Nang sa princípeng matátap nagtahan nang pagcocoplas, umac-yat na siyang agad sa cahoy na Piedras Platas.

Nang caniya ngang maquita ang pacpac ay nacabucá, dilát ang dalawang mata nilapitang capagdaca.

Agad niyang sinungabán sa paa'i, agad tinangnan, ginapos niyang matibay nang cintas na gintong lantáy.

**Ikaanim na bahagi:**  
At bumabá nanga rito ang princípeng sinabi co, itong ibong encantado dinalá, sa ermitaño.

Pitong kanta'y nang mawatas nitong ibong sakdal dilag, pito rin naman ang hilas kay Don Juang naging sugat.

Ay ano'y nang matapos na ang kaniyang pagkakanta ay tumae kapagdaca ito ngang Ibong Adarna.

Ang prinsipeng si Don Juan iniiliag ang katawan hindi siya tinamaan para nang unang nagdaan.

Siya na ngang pagtulog na nitong ibong engkantada ang pakpak ay nakabuka dilat ang dalawang mata.

Nang sa prinsipeng matatap nagtahan nang pagkukuplas umakyat na siyang agad sa kahoy na Piedras Platas.

Nang kaniya ngang makita ang pakpak ay nakabuka, dilat ang dalawang mata nilapitang kapagdaca.

Agad niyang sinunggaban sa paa'y agad tinangnan, ginapos niyang matibay ng sintas na gintong lantay.

**Ikaanim na bahagi:**  
At bumaba na nga rito ang prinsipeng sinabi ko, itong ibong engkantado dinala sa ermitanyo.

Sa ermitañong quinuha mahal na ibong Adarna, inilagay nanga niya sa mariquit na jaula.

Ang uica nang ermitaño itong bangá ay dalhin mo, madalí ca at sundin mo ang ipinag-úutos co.

Muha ca nang tubig naman dalauang bató ay busan, nang sila ay magsilitaw manga capatid mong hirang.

Si don Jua’i, lumacad na ang banga’i, caniyang dala, sumaloc nang tubig siya. at ang bató’i, binusan na.

Si don Pedro’i, ang nauna na siyang nabusan niya, lumitaw capagcaraca at hindi namamatay pa.

Umuling sumaloc naman si don Diego ang binusan, nagquita silang mahusay at hindi pa namamatay.

Malaquing pasasalamat nang magcapatid na liyag, ualá silang maibayad cay don Juang manga hirap.

Sila’i, agad napatungo sa bahay nang ermitaño, at naghain nanga rito pinacain silang tatló.

Sa ermitanyong kinuha mahal na Ibong Adarna, inilagay na nga niya sa marikit na hawla.

Ang wika ng ermitanyo itong banga ay dalhin mo madali ka at sundin mo ang ipinag-uutos ko.

‘Muha ka ng tubig naman dalawang bato ay busan, nang sila ay magsilitaw mga kapatid mong hirang.

Si Don Jua’y lumakad na ang banga’y kaniyang dala, sumalok ng tubig siya at ang bato’y binusan na.

Si Don Pedro’y ang nauna na siyang nabusan niya, lumitaw kapagkaraca at hindi namamatay pa.

Umuling sumalok naman si Don Diego ang binusan nagkita silang mahusay at hindi pa namamatay.

Malaking pasasalamat ng magkapatid na liyag, wala silang maibayad kay Don Juang mga hirap.

Sila’y agad napatungo sa bahay ng ermitanyo at naghain na nga rito pinakain silang tatlo.

Ay ano’i, nang matapos na nang pagcain sa lamesa, capagdaca ay quinuha garrafang may lamáng lana.

At caniyang pinahiran yaong sugat ni don Juan, gumalíng agad nabahao at ualang bacás munti man.

Nag-uica ang ermitaño mangagsi-ouí na cayó magcasundó cayong tatló at huag ding may mag-lilo.

Don Juan ay cunin mo na iyang mariquit na jaula, baca di datning buháy pa ang monarcang iyong amá.

Bago umalis at nanao ang princípeng si don Juan, ay lumuhód sa harapan nang ermitañong marangal.

Napabendición nga muna at saca sila’i, nalis na, si don Pedro ay nagbadyá cay don Diegong bunso niya.

Si don Juan ay magaling pa hindí mahihiyá siya, at siya ang nacacuha nito ngang ibong Adarna.

Ang mabuti ngayon naman ang gauin nating paraan, patayin ta si don Juan, sa guitna nang cabunducan.

Ay ano’y nang matapos na ng pagkain sa lamesa, kapagdaca ay kinuha garapong may lamang lana.

At kaniyang pinahiran yaong sugat ni Don Juan, gumaling agad, nabahaw, at walang bakas munti man.

Nagwika ang ermitanyo “Mangagsiuwi na kayo magkasundo kayong tatlo at huwag ding may maglilo.

“Don Juan ay kunin mo na iyang marikit na hawla, baka di datnang buhay pa ang monarkang iyong ama.”

Bago umalis at nanaw ang prinsipeng si Don Juan ay lumuhod sa harapan ng ermitanyong marangal.

Nagpabendisyon nga muna at saca sila’y nalis na, si Don Pedro ay nagbadya kay Don Diegong bunso niya.

“Si Don Juan ay magaling pa hindi mahihiya siya, at siya ang nakakuha nito ngang Ibong Adarna.

Ang mabuti ngayon naman ang gawin nating paraan patayin ta si Don Juan sa gitna ng kabundukan.”

Si don Diego ay nag-uica  
iya'i, masamang acala,  
ang búhay ay mauualá  
nang bunsóng caaua-ua.

Ani don Pedro at saysay  
cun gayon ang carampatan,  
umugin ta ang catauan  
at saca siya ay iuan.

Ito ang minagaling na  
sa loob nilang dalaua,  
ang cataua'i, inumog na  
nang bunsong capatid nila.

Di anong casapitan  
nang pagtulungan sa daan,  
ay di nanga macagaláo  
ang princípeng si don Juan.

Quinuha na capagdaca  
ang dalá nga niyang jaula,  
nang dalaua't, omoui na  
doon so reinong Berbania.

Nang sila'i, dumating na  
sa canilang haring amá  
ang ibong canilang dalá  
nangulugó capagdaca.

Itinanong si don Juan.  
nang hari nilang magulang,  
sagót nang dalauá naman  
di po namin naalaman.

Nang ito'i, maringig na  
ang sabi nilang dalauá,  
ang saquíit ay lumubhá pa  
nitong daquilang monarca.

Si Don Diego ay nagwika:  
"Iya'y masamang akala  
ang buhay ay mawawala  
ng bunsong kaawa-awa."

Ani don Pedro at saysay,  
"Kung gayon ang carampatan  
umugin ta ang katawan  
at saca siya ay iwan."

Ito ang minagaling na  
sa loob nilang dalawa  
ang katawa'y inumog na  
ng bunsong kapatid nila.

Di anong kasapitan  
nang pagtulungan sa daan  
ay di na nga makagalaw  
ang princípeng si Don Juan.

Kinuha na kapagdaka  
ang dala niyang hawla  
ng dalawa't umuwi na  
doon sa reynong Berbanya.

Nang sila'y dumating na  
sa kanilang haring ama  
ang ibong kanilang dala  
nangulugo kapagdaka.

Itinanong si Don Juan  
ng hari nilang magulang,  
sagot ng dalawa naman,  
"Di po namin naalaman."

Nang ito'y marinig na  
ang sabi nilang dalawa,  
ang sakit ay lumubha pa  
nitong dakilang monarka.

Saca ang ibong marilág  
balahibo'i, nangu-ngulág,  
di magpaquita nang dilág  
sa haring quinacaharap.

Ang uica nang hari bagá  
itó ang ibong Adarna,  
anong samá nang hichura  
sa ibong capua niyá.

Ang sinabi nang medico  
na ito rao ibong itó,  
ay may pitóng balahibo  
na tantong maquiquita mo.

At cun ito ay magcantá  
lubhang caliga-ligaya,  
ngayo'i, nangasaan bagá,  
at di niya ipaquita.

Hindi pa nga nagcasantá  
itong ibong encantada,  
at sapagca nga uala pa  
ang cumuha sa caniya.

Ito'i, aking pabayaan  
ang di niya pagsasaysay,  
at ang aking pagbalicán  
ang princípeng si don Juan.

Saka ang ibong marilag  
balahibo'y nangungulag  
di magpakita ng dilag  
sa haring kinakaharap.

Ang wika ng hari baga  
"Ito ang Ibong Adarna,  
anong sama ng itsura  
sa ibong kapwa niya.

"Ang sinabi ng mediko  
na ito raw ibong ito,  
ay may pitong balahibo  
na tantong makikita mo.

"At kung ito ay magkanta  
lubhang kaliga-ligaya  
ngayo'y nangasaan baga,  
at di niya ipakita?"

Hindi pa nga nagkakanta  
itong ibong engkantada  
at sapagka nga wala pa  
ang kumuha sa kaniya.

Ito'y aking pabayaan  
ang di niya pagsasaysay  
at ang aking pagbalikan  
ang princípeng si Don Juan.



**MAHAHALAGANG TALA TUNGKOL SA KATUTUBONG TUGMA AT SUKAT NG TULANG TAGALOG**

ni Michael M. Coroza

I. TUGMA

1. **Depenisyon** - Pagkakarapare-pareho ng dulong tunog ng dalawa o higit pang taludtod sa isang saknong ng tula.
2. **Prinsipyo** - Pag-uulit ang namamayaning prinsipyo sa pagtutugma. Nauulit ang dulong tunog ng panghuling salita ng sinundang taludtod. **Tandaan: Tunog o ponema ang inuulit, hindi titik.** Sa mas payak na pagsasabi, mga salita (sa dulo ng dalawa o higit pang taludtod) ang pinagtutugma. Magkatugma ang anumang dalawa o higit pang salita kung ang mga ito ay nagtatapos sa iisa o magkapamilyang tunog o ponema.
3. **Pangkalahatang Kaurian**  
Patinig (a, e-i, o-u)  
Katinig (b, c, d, f, g, h, j, k, l, m, n, ñ, ng, p, q, r, s, t, v, w, x, y, z)

4. Mga Uri ng Tugmang Patinig

4.1. **Walang Impit** - Magkatugma ang anumang dalawa o higit pang salitang nagtatapos sa iisang patinig na walang impit o glotal na pasara.

a	e-i	o-u
masaya	masiste	Sulu
dalaga	Tawi-tawi	demonyo
La Paloma	kostumbre	datu
pakikipagkita	pagpapakabayani	asikaso

Tandaan: Sa tradisyon, maaaring magtugma ang mga salitang nagtatapos sa iisang patinig mabilis man o malumay ang bigkas ng mga ito. Laging alalahaning mabilis o malumay lamang ang mga uri ng bigkas na tinataglay ng mga salitang nagtatapos sa patinig na walang impit.

4.2. **May Impit** - Magkatugma ang anumang dalawa o higit pang salitang nagtatapos sa iisang patinig na may impit o glotal na pasara.

a	e-i	o-u
salita	luwalhati	siphayo
dinarakila	katunggali	tabo
mapagpakana	Aling Tale	paglalaho
pakikidigma	naghahari	halo-halo

Tandaan: Sa tradisyon, maaaring magtugma ang mga salitang nagtatapos sa iisang patinig maragsa man o malumay ang bigkas ng mga ito. Laging alalahaning maragsa o malumi lamang ang mga uri ng bigkas na tinataglay ng mga salitang nagtatapos sa patinig na may impit.

5. Mga Uri ng Tugmang Katinig

5.1. **Mahina** - Magkatugma ang anumang dalawa o higit pang salitang magkatulad ang patinig ng huling pantig at ang pinakadulong ponemang katinig ay alinman sa **l, m, n, ng, r, w, y**.

a	e-i	o-u
kasal	anghel	Bohol
alam	kulimlim	gahum
halaman	De Belen	pantalon
gatang	duling	barumbarong
lahar	Baler	motor
sayaw	agiw	hello*
bitay	isprey	baduy

\*Bagaman hindi nagtatapos sa **ow/oy** ang hello, ang bigkas nito ay /helow/.

Sa Tagalog/Filipino, walang salitang nagtatapos sa tunog na **h**. Ang salitang *raha*, bagaman may **h** sa dulo, ay binibigkas nang paganito: /ra•ha/.

Tandaan: Sa tradisyon, ang mga salitang may iisang patinig sa huling pantig at nagtatapos sa alinman sa mga katinig na mahina ay nagtutugma mabilis man o malumay ang bigkas ng mga ito. Alalahaning sa pangkalahatan, dadalawa lamang ang uri ng bigkas ng mga salitang nagtatapos sa katinig—mabilis at malumay.

5.1. **Malakas** - Magkatugma ang anumang dalawa o higit pang salitang magkatulad ang patinig ng huling pantig at ang pinakadulong ponemang katinig ay alinman sa **b, k, d, g, p, s, t**.

B  
A  
I  
T  
A  
N  
G  
  
7  
★  
  
I  
K  
A  
T  
L  
O  
N  
G  
  
M  
A  
R  
K  
A  
H  
A  
N

a	e-i	o-u
hikab	talahib	lukob
tagaktak	matalik	Taruc*
paglalahad	bilibid	panghilod
pusag	pinipig	halughog
alapaap	susmaryosep	kupkop
patalastas	buntis	hulagpos
pag-uulat	pinakbet	kilabot

\*Hindi man nagtatapos sa **ok/uk**, binibigkas ang Taruc nang paganito: /taruk/. Kaugnay nito, lahat ng mga bagong katinig na nadagdag sa ating alpabeto, maliban sa **ñ**, ay maitutugma sa mga katutubong katinig na malakas.

staff	basic	havoc
Iraq	reef	stove
tax	Steve	Xerox
buzz	Kleenex	Oz

Dahil mas maluwag tayo ngayon sa pagtanggap ng mga salitang banyaga sa ating pagpapahayag, alalahanin lamang lagi na mga tunog o ponema ang pinagtutugma, hindi mga titik. Ang Steve, halimbawa, ay katugma ng talahib, matalik, bilibid, atbp. dahil binibigkas ito nang paganito: /stiv/. Katugma rin ng mga ito ang Kleenex dahil ang namamayaning dulong tunog sa bigkas ng salitang Kleenex /kli•neks/ ay katinig na malakas.

**6. Mga Antas ng Tugmaan**

**6.1. Payak** o karaniwan ang antas ng tugmaan kung simpleng sinusunod lamang ang natalakay nang panuntunan sa pagtutugma sa itaas. Ang mahalaga lamang ay ang pag-uulit ng dulong-tunog ng salita, malumay man o mabilis o malumi man o maragsa ang bigkas ng mga salita.

**6.2. Tudlikan.** Sa antas na ito, isinasaalang-alang na ang bigkas ng salita. Tutugma lamang ang maragsa sa maragsa, ang malumi sa malumi, ang mabilis sa mabilis, at ang malumay sa malumay.

Kung babalikan ang mga halimbawa sa 4.1, kolum **a**, magkatugma ang masaya at dalaga sa antas na payak. Ngunit kung iaakyat sa antas na tudlikan, ang masaya at dalaga ay

B  
A  
I  
T  
A  
N  
G  
  
7  
★  
  
I  
K  
A  
T  
L  
O  
N  
G  
  
M  
A  
R  
K  
A  
H  
A  
N

hindi magkakatugma. Mabilis ang masaya, malumay naman ang dalaga.

Sa 4.2, kolum **e-i**, magkatugma ang luwalhati at magkatunggali sa antas na payak. Ngunit hindi magkatugma ang mga ito sa antas na tudlikan dahil malumi ang luwalhati samantalang ang katunggali ay maragsa.

Sa 5.1, kolum **o-u**, magkatugma sa payak na antas ang pantalon at barumbarong. Ngunit hindi magkatugma ang mga ito sa antas na tudlikan dahil ang pantalon ay mabilis samantalang ang barumbarong ay malumay.

a	e-i	o-u
ligaya	lunti	bulalakaw
pag-asa	budhi	pakikipag-away
kasama	hikbi	panambitan
harana	pagwawagi	parang

**6.3. Pantigan.** Sa antas na ito, bukod sa bigkas, isinasaalang-alang na rin ang pagkakarapareho ng dulong patinig-katinig (PK) o katinig-patinig (KP) ng mga pinagtutugmang salita.

Lahat ng mga halimbawang ibinigay na sa itaas ay hindi papasang magkakatugma sa antas na pantigan.

Sa 4.2, kolum **o-u**, ang siphayo at tabo ay magkatugma sa antas na tudlikan ngunit hindi sa antas na pantigan. Ang huling KP ng siphayo ay **yo**, ang huling KP ng tabo ay **bo**.

Sa 5.1, kolum **a**, ang kasal at alam ay magkatugma sa antas na tudlikan ngunit hindi sa antas na pantigan. Hindi magkaparehong-magkapareho ang huling PK ng mga salitang ito. Ang huling PK ng kasal ay **al** samantalang ang sa alam ay **am**.

a	e-i	o-u
muta	palikpik	bilog
bata	halik	dulog
hita	pitik	luhog
batuta	balik	untog

**6.4. Dalisay.** Sa antas na ito, bukod sa pagkakatugma ng bigkas at pagkakatugma ng dulong PK o KP, isinasaalang-alang na rin ang pagkakatugma ng patinig bago ang huling pantig ng mga pinagtutugmang salita.

Sa mga halimbawa sa 6.3, magkatugma sa antas na dalisay ang mga salitang muta at batuta sa kolum **a**. Pansining sa mga salitang ito, kapwa **u** ang patinig bago ang huling pantig. Ang palikpik at pitik sa kolum **e-i** ay magkatugma rin sa antas na dalisay. Kapwa **i** ang patinig bago ang huling pantig sa mga salitang ito. Sa kolum **o-u**, magkakatugma sa antas na dalisay ang mga salitang dulong, luhog, at untog. Pare-parehong **u** ang patinig bago ang huling pantig sa mga salitang ito.

a	e-i	o-u
tula	mithi	balo
dula	sidhi	salo
bula	binhi	talo
putla	palaihi	malo

II. SUKAT

- 1. Depenisyon** - Pagkakatugma-pareho ng bilang ng pantig ng dalawa o higit pang taludtod sa isang saknong ng tula.
- 2. Prinsipyo** - Tulad sa pagtutugma, pag-uulit ang namamayaning prinsipyo sa pagsusukat. Bilang ng pantig ang inuulit.

3. Pangkalahatang Kaurian

3.1. Gansal (5, 7)

<i>Buhay alamang,</i>	5
<i>Paglukso: patay.</i>	5
<i>Katitibay ka, tulos,</i>	7
<i>sakaling datnang-agos,</i>	7
<i>ako'y mumunting lumot</i>	7
<i>sa iyo'y pupulupot.</i>	7

3.2. Pares (4, 6, 8, 12, 16, 18, 24)

*Kung di ukol,* 4  
*Di bubukol.* 4

---  
*Ang sugat ay kung* 8  
*tinanggap,*  
*di daramdamin ang antak;* 8  
*ang aayaw at di mayag,* 8  
*galos lamang magnanaknak.* 8  
*Bumbong kung liwanag,* 6  
*Kung gabi ay dagat.* 6

---  
*Ay! Sayang na sayang, sayang na pag-ibig,* 12  
*Sayang na singsing kong nahulog sa tubig;* 12  
*Kung ikaw rin lamang ang makasasagip,* 12  
*Mahanga'y hintin kong kumati ang tubig.* 12

(Jose Dela Cruz)

*May araw ding ang luha mo'y masasaid, matutuyo,* 16  
*may araw ding di na luha sa mata mo'ng mamumugto,* 16  
*ang dadaloy, kundi apoy, at apoy na kulay dugo,* 16  
*samantalang ang dugo mo ay aserong kumukulo;* 16  
*sisigaw kang buong giting sa liyab ng libong sulo* 16  
*at ang lumang tanikala'y lalagutin mo ng punglo!* 16

(Amado V. Hernandez, *Kung tuyo na ang luha ng aking bayan*)

----

<i>Sa dinsul-dinsulang puno ng binatis na mga pangarap</i>	18
<i>sa malatambilong na silid-silirang ala-alapaap</i>	18
<i>ng katas-diwa kong lumuhog-magtampong tila bahid-ulap</i>	18
<i>sa dikit-tala mo na dalampasigan ng lahat ng hikap</i>	18
<i>ng abang buhay ko, ay nagsusumamong ulol, baliw, hamak,</i>	18
<i>yaring kaluluwang hindi lumilimot na gaayos-bihag...</i>	18
<i>Ako'y nagtatanong, tila bahaghari na nagsisiyasat</i>	18
<i>sa tagong hiwaga ng tiyan-tiyanan ng sariling palad...</i>	18
<i>Ibig kong sagutin ang malakundimang iyong pangungusap</i>	18
<i>kung ako'y sadya mong binabayaan na sa pagkawakawak...</i>	18

(Benigno Ramos, *Katas-Diwa*)

----

<i>Bulkan na sa bawat usok na ibuga ay badha ng ulap na nagbabalita</i>	24
<i>Sa sandaigdigang mga pagdaing na buhay na itong hindi nagtitila,</i>	24
<i>Usok na watawat ng nangagdurusang laksang angaw-angaw na puso at diwa,</i>	24
<i>Usok na panlumay ng tanang mithiing kahapon at ngayo'y pinakananasa...</i>	24
<i>Anupa't ang bulka'y isa pang galamay na kinalalamnan ng madlang pithaya,</i>	24
<i>Isa pang haligi na kakikilanlan ng mga punyaging tuwina'y sariwa,</i>	24
<i>At sa buong mundo ay namamaraling: "Ang sangkatauha'y may nasang lumaya."</i>	24

(Benigno Ramos, *Bulkan*)

Ang **caesura** o hati ang regular na pagtigil o paghinga sa loob ng isang taludtod sang-ayon sa mga pagpapangkat ng mga salita't bigkas sa taludtod. Karaniwang ito ay nasa gitna ng mahabang taludtod: 6/6 kung sa labindalawahan.

*Sa loob at labas / ng bayan kong sawi,  
Kaliluha'y siyang / nangyayaring hari,  
Kagalinga't bait / ay nalulugami,  
Ininis sa hukay / ng dusa't pighati.*

(Francisco Balagtas, mula sa *Florante at Laura*)

Kung labing-anim ang taludtod, ang paghahati ay 8/8:

*May dalawang paghahakang / katutubong magkalaban  
tungkol sa kung ang Malaki / o ang Munti ang panganay:  
anang iba ay ang Liit / ang nagmula sa Kalakhan,  
anang iba ang Malaki / ay sa Munti nanggaling daw.*

(Lope K. Santos, mula sa *Kaliitan at Kalakhan*)

Sa higit na mahabang taludtod, halimbawa'y labingwaluhan, nagiging dalawa ang regular na pagtigil sa loob ng isang saknong: 6/6/6.

*Ang katauhan ko / sa panahong ito / ay napapamangha  
na aywan kung bakit; / alangang malitong / alangang matuwa;  
mangyari kung minsan / ay nakikita kong / ika'y naaaba  
at kung minsan naman, / ang kalagayan mo'y / tila maharlika:  
ang luha mo'y lason / ang ngiti mo'y uyam / ang kilos ay banta;  
at, a! mahigit pa! / Ako kung minsan di'y / lunod sa paghanga  
sa mga tula mong / sanlangitan manding / nananalinghaga't  
ang lahat ng kulay / ay masasalamin; / may patak ng luha,  
datapwa't ang luha / ay tila pandilig / sa uhaw na lupa;  
may galit, subali / ang galit ay lambing / manding may hiwaga.*

(Iñigo Ed. Regalado, mula sa *Ang mga tula mo*)

Isa sa mga kabaguhang ipinasok ng mga modernong makata ang paggamit ng paghahating 4/4/4 sa taludtod na labindalawahan:

*Di na tayo / umiibig / tulad noon  
Pagkat puso'y / mga plastik / at de-motor.*

(Rio Alma, *Di na tayo umiibig tulad noon*)**4. Mga Panuntunan sa Paghahati**

Hindi maaaring maging bahagi ang isang salita ng una at ikalawang hati. Pagkatilad ng salita ang ibinubunga ng ganito.

*Ang aking pagmama / hal ay laging tapat,  
Hinding-hindi magba / bago hanggang wakas.*

Maiwawasto ang ganitong pagkakamali:

*Ang pagmamahal ko / ay lalaging tapat,  
Hindi magbabago / magpahanggang wakas.*

Hindi dapat pumatak sa huling pantig ng bawat hati ang mga pantukoy (ang/si), pang-ukol (ng/ni, sa/kay), pangawing (ay), at pang-ugnay (at), pati na ang pang-abay na nang, at ang mga pangatnig na kung at pag.

*Ang hangad ko ay ang / tapat na puso ni  
Perlang maganda at / may ingat na puri  
Kung bigo rin lang ay / higit ko pang nais  
Na malibing na sa / lupang anong lamig.*

Maiwawasto ang ganitong pagkakamali:

*Ang hinahangad ko'y / ang pusong matapat  
Ni Perlang maganda / at may puring ingat.  
Kung mabibigo lang, / higit ko pang nais  
Na ako'y malibing / sa lupang malamig.*

Hindi dapat malagay sa unahan ng bawat hati ang mga iisahing pantig na pang-abay (na, po, nga, ba, pa, din, daw, man) maging ang mga panghalip gaya ng ka, ko, mo, atbp.

*Maligayang bati / po sa inyong lahat  
mula po sa puso / kong lingkod na tapat.*

Maiwawasto ang ganitong pagkakamali:

*Bating malugod po / ang handog sa lahat  
ng puso kong laging / lingkod ninyong tapat.*

#### Mga Sanggunian

- Almario, Virgilio S. *Taludtod at Talinghaga, Mga Sangkap ng Katutubong Pagtula*. Metro Manila: Aklat Balagtasyana, 1985.
- \_\_\_\_\_, pat. *Poetikang Tagalog, Mga Unang Pagsusuri sa Sining ng Pagtulang Tagalog*. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino, Sistemang Unibersidad ng Pilipinas, at National Commission for Culture and the Arts, 1996.
- \_\_\_\_\_, pat., *Walong Dekada ng Makabagong Tulang Pilipino*. Maynila: Philippine Education Co., Inc., 1981.
- Balmaseda, Julian Cruz. *Ang Tatlong Panahon ng Tulang Tagalog (Pag-aaral at pagkaunlad ng Tulang Tagalog)*. Ikatlong Pagkalimbag. Maynila: Surian ng Wikang Pambansa, 1973.

#### MAGKABILAAN

Joey Ayala

Ang katotohanan ay may dalawang mukha  
Ang tama sa iyo ay mali sa tingin ng iba  
May puti, may itim, liwanag at dilim  
May pumapaibabaw at may sumasailalim.

Ang tubig ay sa apoy, ang lupa ay sa langit  
Ang araw ay sa gabi, ang lamig naman sa init  
Kapag nawala ang isa, ang isa'y di mababatid  
Ang malakas at ang mahina'y magkapatid.

Magkabilaan ang mundo magkabilaan  
Ang mundo magkabilaan ang mundo.  
Ang hirap ng marami ay sagana ng iilan  
Ang nagpapakain, walang laman ang tiyan  
Ang nagpapanday ng gusali at lansangan  
Maputik ang daan tungo sa dampang tahanan.

May mga haring walang kapangyarihan  
Meron ding alipin na mas malaya pa sa karamihan  
May mga sundalo na sarili ang kalaban  
Ay may pinapaslang na nabubuhay nang walang hanggan.

May kaliwa't may kanan sa ating lipunan  
Patuloy ang pagtutunggali, patuloy ang paglalaban  
Pumanig ka, pumanig ka, huwag nang ipagpaliban pa  
Ang di makapagpasiya ay maiipit sa gitna.

Bulok na ang haligi ng ating lipunan  
Matibay ang pananalig na ito'y palitan  
Suriin mong mabuti ang iyong paninindigan  
Pagkat magkabilaan ang mundo.